

Lingguwistikong Etnograpiya ng Ini

Lingguwistikong Etnograpiya ng Ini

Karapatang-sipi © 2021 ng Komisyon sa Wikang Filipino at ng Katutubong Pamayanang Kultural ng mga Ini.

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng manuskritong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa mga may-akda at tagapaglathala.

Mga mananaliksik at sumulat ng manuskrito: Sherwin M. Perlas

PAUNAWA. Hindi inilathala ang manuskritong ito. Ang pagkopya at pamamahagi sa publiko ay ipinagbabawal.



Komisyon sa Wikang Filipino
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel,
Malacañan Complex, San Miguel, Lungsod Maynila 1005
Tel. (632) 8736-2525
email: komisjonsawika@gmail.com

PAUNANG SALITA

Sa saliksik ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong 2016, napag-alamang mayroong tinatáyang 130 katutubong wika ang Pilipinas. Sa bílang na ito, tinatáyang may 40 wika ang nanganganib nang maglaho sa hinaharap. Dahil ito sa ilang mga salik tulad ng kawalan ng *intergenerational transmission* sa wika; migrasyon ng mga tagapagsalita ng wika; at pangingibabaw ng paggamit ng *lingua franca*. Ang panganganib ng wika ay isang pandaigdigang karanasan. Isa rin itong hámon sa mga bansa kung paano isasalba ang mga wika sa panganganib. Kapag hindi na naipapása sa susunod na henerasyon ang wika, unti-unting maglalaho ang mga buháy na dúnong o *intangible cultural heritage* tulad ng panlipunang kaugalian, ritwal, pagtatanghal, tradisyonal na paglikha, oral na tradisyon gaya ng mga tulâ, bugtong, kuwentong-bayan, at epikong-bayan. Kung tulúyang maglalaho ang wika, makapipinsala ito sa kalikásan at biodiversidad dahil ang mga katutubong karunungan hinggil sa kalikásan, paniniwala sa mga espiritu, at mga kultural na pagpapahalaga ay nása katutubong wika.

Kayâ, naglatag ang UNESCO¹ ng mga hakbang sa pagpapasigla ng wika, isa na rito ang pagdodokumento sa wika at kultura. Sa pamamagitan nitó, napayayaman ang pag-aaring intelektuwal ng mga tao, naipakikíta ang kultural na pananaw na maaaring bago sa kasalukuyang kaalaman, at ang proseso ng dokumentasyon ay nakatutúlong sa impormante ng wika upang muling pasiglahin ang kaalaman sa wika at kultura (UNESCO 2003). Ayon din kay Himmelman (2006), ang pagdodokumento ng wika ay isang pangmatagalan at may masaklaw na layunin na talâ o rekord ng wika.² Magagámit ito sa maraming layunin sa pagpapasigla at pagpapaunlad ng wika.

Bílang tugon sa hámong ito, inilunsad ng KWF ang proyektong Lingguwistikong Etnograpiya ng mga Wika ng Pilipinas noong 2018. Pagpapatúloy ito sa nasimulang gawain ng KWF sa pagdodokumento ng wika at kultura noong 2015. Higit na pinalawak ang saklaw ng saliksik at mas komprehensibo ang datos na inaasahang makálap. Ang pagsasakatuparan ng proyektong ito ay naging posible dahil sa suporta ni dáting Senador Loren Legarda, ngayon ay kinatawan ng Antique. Dahil sa suportang pinansiyal mula sa kaniyang opisina, nakapagbigay ang KWF ng *grant* para sa pagdodokumento ng 32 wika.

Sa pagtatapós ng proyekto noong 2020 ay nakapagdokumento ng 30 wika. Maraming natutuhan ang KWF sa pagsasagawa nitó na magiging pundasyon sa pagpapaunlad ng proyekto sa susunod na mga taon. Ninais man ng KWF na mailimbag ang lahat ng natápos na saliksik, mahigpit pa rin ang naging pamantayan sa pagsasagawa nitó. Gayunman, lubos ang pagbatì at pasasalamat ng KWF sa mga *grantee* at sa kaniláng institusyon na nakibahagi sa proyekto. Malaking bahagi

¹ UNESCO Ad Hoc Expert Group on Endangered Languages. *Language Vitality and Endangerment*. Paris: UNESCO, 2003.

² Himmelman, Nikolaus P. "Language Documentation: What is it and what is it good for?" Nása Gipper, Jost et al. (Eds.) *Essentials of Language Documentation*. Berlin: Walter de Gruyter GmbH & Co., 2006.

rin ng tagumpay ng proyekto ang suportang ibinigay ng mga pinunò at mga kasapi ng katutubong pamayanang kultural.

Ang proyektong ito ay simula pa lámang. Hangad ng KWF na magkaroon ng komprehensibong dokumentasyon ang lahat ng katutubong wika ng bansa na magpapakíta ng matálik na ugnayan ng wika at mga katutubong karanasan at kaalaman ng pangkáting etniko na nagmamay-ari nitó. Ang gawaing ito ay hindî káyang gampanan ng KWF nang mag-isa. Kayâ, hinihikayat namin ang suporta at pagtataguyod ng mga iskolar ng wika, akademya, institusyon ng pamahalaán, at ng mga pinunò at mga kasapi ng mga katutubong pamayanang kultural upang maisakatuparan ang hangaring ito.

Sangay ng Salita at Gramatika

Talaan ng Nilalaman

Paunang Salita.....	i
I. Heograpiya.....	1
Topograpiya	1
Demograpiya	9
II. Pagkakakilanlan ng Pangkat	14
Identidad ng Pangkat	14
Lokasyon at Distribusyon	18
Ethnolinguistic Background/Migrasyon	20
III. Sitwasyong Pangwika.....	23
Deskripsiyon ng Wika	23
Mga Varayti ng Wika	24
IV. Estructura ng Lipunan/Komunidad.....	27
Pamilya	27
Pagkakamag-anak o Paghiyalì	27
Pakikipag-ugnayan sa Komunidad	27
Panliligaw o Pagpapangaluyag/Pag-aasawa	27
Fertiliti	28
Pakikitungo sa Komunidad	28
V. Estructura at Sistema ng Pamamahala.....	29
Kapangyarihan/Pamumuno	29
Batas o Layi	29
Sistemang Panghustisya	29
VI. Sistema ng Pangkabuhayan.....	30
Produksiyon	31
Pangangaso o Pagpangayam	37
Pangingisda o Pagpamunit	39
Pagtanim o Pagtanóm	50
Pangunguha ng Dugós o Pulut-Pukyutan	52
Likhang-Kamay	57
Likas Yaman/Hanapbuhay	68
VII. Materyal at Di-Materyal na Kultura at Tradisyon.....	72
Sining	72
Literatura	74
Musika at Instrumento	75
Arkitektura	81
VIII. Relihiyon	82
IX. Siklo ng Buhay.....	87
Panamkon o Pagliliha at Pag-ungâ o Panganganak	87
Pagkabata o Pagka-ungâ	87
Pagbibinata o Pagkasoltero / Pagdadalaga	87
Katandaan o Kaguyangan	87
Morbidity/Mortaliti o Pagkamuy-ok	88
X. Partisipasyon sa Pambansang Kultura.....	89
Edukasyon	89
Kalusugan	90
Transportasyon at Komunikasyon	90
Politika	91

Ugali at Pagtanaw sa Wika	92
Sanggunian.....	93
Glosaryo.....	95
Wordlist ng Wikang Iní.....	103

I. HEOGRAPIYA

Topograpiya

Ang pagiging arkipelago ng Romblon ay may malaking kontribusyon sa pagkabuo ng wikang Iní. Tatlong magkakahiwalay na isla ang kinasasakupan ng mga nagsasalita ng wika. Napapaligiran ang bawat komunidad ng kapwa dagat at bundok. Ang dagat na naghihiwalay sa mga isla ay nagsisilbing daluyan sa halip na sagabal sa ugnayan ng mga ito bilang iisang rehiyon at iisang komunidad kaya nanatili ang katangian ng wika.



Larawan 1. Mapa ng Romblon

Makikita ang bayan ng San Agustin sa hilagang silangang bahagi ng isla ng Tablas. Ito ay may kabuoang sukat na 140.48 km² o 54.24 sq.mi. Naliligiran ito ng bayan ng Calatrava sa hilaga, bayan ng Sta. Maria sa timog, at bayan ng San Andres sa kanluran. Samantala, nasa silangan naman nito ang Romblon Pass. Sa buong isla ng Tablas, ang bayan ng San Agustin lang ang nagsasalita ng wikang Iní. Ang mga komunidad sa mga bayan ng Calatrava at Odiongan ay nagsasalita ng wikang Asi samantalang ang mga komunidad sa mga bayan ng San Andres, Ferrol, Looc, Sta Fe, Alcantara at Sta. Maria ay nagsasalita naman ng wikang Onhan.

Makikita rin sa San Agustin ang ikalawang pinakamataas na bundok sa lalawigan, ang Bundok Payaopao na may taas na 665 m (2,182 ft). Samantala, dalawa ang daungan ng bayan: ang Carmen Port at San Agustin Port.



Larawan 2. Ang Cresta de Gallo Island sa San Fernando (Larawan mula kay Trekking Jay)

Ilan sa mga sikát na lugar sa turismo ay **Busáy** o Talon ng Dubduban, Blue Hole, Zip line mula sa Long Beach sa isla ng Tablas tungo sa isla ng Puyo o Biaringan at pabalik at mala-Hollywood sign ng San Agustin sa Bakalaw ridge.

Matatagpuan ang bayan ng Cajidiocan sa hilagang silangang bahagi ng isla ng Sibuyan. Napaliligiran ang Cajidiocan ng bayan ng Magdiwang sa kanluran habang bayan naman ng San Fernando sa timog. Samantala, nasa silangan naman nito ang Dagat ng Sibuyan.

May kabuoang sukat ang Cajidiocan na 201.85 km² o 77.93 sq.mi. Animnapung bahagdan ng bayan ng Cajidiocan ay matatagpuan sa Pambansang Parke ng Bundok Guiting-Guiting. Ito ay isang mayamang bahagi ng kabundukan na binubuo ng sari-saring uri ng hayop at halaman. Ang Bundok Guiting-Guiting, na nangangahulugang “jagged” o tulis-tulis na tuktok ng bundok sa katutubong wikang Iní, din ang tinaguriang pinakamataas na bundok sa Romblon na may taas na 2,058 m. (6,752 ft). Isa rin ang bundok ng Guiting-Guiting sa mga mahirap akyating bundok sa bansa. Sakop ang Mt. Guiting-Guiting ang tatlong Munisipyo ng San Fernando, Cajidiocan at Magdiwang. Ang paanan na bukid na kalimitang ginagamit ng mga mountaineers bilang *jump off* ay sa Magdiwang.



Larawan 3. Mt. Guiting-guiting Natural Park. (Larawan ni Trekkking Jay)

Ilan sa mga sikát na lugar ang Talon ng Cawa-Cawa sa magubat na bahagi ng Lumbang Este, Talon ng Little Baguio, at Alibagon Beach.

Samantala, matatagpuan ang bayan ng Magdiwang sa hilagang bahagi ng isla ng Sibuyan. Napaliligiran ang Magdiwang ng bayan ng Cajidiocan sa silangan habang bayan naman ng San Fernando sa timog. Samantala, nasa hilagang kanluran naman ang bayan ng Romblon, Romblon.

Ilan sa mga sikat na lugar sa turismo ay Magdiwang Beach, Talon ng Gumot at pasyalan ng Lambingan, Paseo de Magdiwang, Sanctuary Garden, Rances’ Haven at Bagumbayan Resort.



Larawan 4. Ang blue hole mula sa viewdeck na matatagpuan sa Cawayan, San Agustin

Makikita ang kalakhang populasyon ng San Fernando sa mga patag na bahagi ng bayan malapit sa dagat. Ayon sa 2015 Sensus, may kabuoang populasyon ang San Fernando na 23, 271 at isang 4th class na uri ng bayan.

Binubuo ang San Fernando ng labing-dalawang (12) barangay: Agtiwa, Azagra, Campalingo, Canjalon, Espana, MabIní, Mabulo, Otod, Panangcalan, Pili, Poblacion, at Taclobo.



Larawan 5. Bukangliwayway sa dalampasigan ng San Agustin. (Larawan ni Trekking Jay)

Dito matatagpuan ang Cantingas River na nanalo bilang pangalawa sa pinakamalInís na ilog sa Pilipinas.



Larawan 6. Bon-bon Beach, Romblon, Romblon (Larawan mula kay Trekking Jay)

Talahayanan 1. Mga Terminolohiyang Iní na may Kinalaman sa Heograpiya

Iní	Filipino o Kahulugan
Amíhan	hangin na galing sa hilagà
Báil	Matigas na tuyong lupa na may bitak, sa palayan makikíta
Bakílid	Dalisdis
Baskóg	Malakas ang alon ng dágat
Baybáy	Dalampasigan
Bîbî	Mababaw na bahági ng dágat o <i>shallow area</i>
Búkid	Bundok
Busáy	Talón
Dáyan	Maliit na daan
Dutà	Lupa

Galanâ-lanâ	Idyoma na nangangahulugang sobrang kalma na dágat
Hanoy	Banayad na lakas ng alon
Humbák	Malalakas na alon
Hunás	Káti o <i>low tide</i>
Hungáw	Alimuom
Iláya	Kabilang ibáyo ng bundok
Kabilúgan	kabilugan ng buwan o <i>full moon</i>
Kalatián	Kagubátan
Kalunárgan	Lugar na maputik
Kanipáan	Lugar na maraming nípa; kalimitang lugar ng mga palaisdaan; kalimitan ding nakikíta sa <i>delta</i> o bukanâ ng ilog
Kaniyúgan	Lugar na maraming niyóg
Kumón	Lupa o bahay na hindi pa pinaghahatían ng mga tagapagmána
Lanásan	Palayán o <i>rice field</i>
Lawód	Láot
Libtóng	Pabilog na katawan ng anyong tubig na may malalim na bahági
Lugítan	Lugar kung saan nagkokópra
Lusóng	Pababâ sa Sibúyan at Cajidiocán at mortar sa San Agustin
Lup-ugán	Lublubán ng kalabaw
Muhón	Hangganan; <i>boundary (Landmark boundary)</i>
Nórte	Hilagà
Panihían	Lugar kung saan maraming mga lamáng dágat gaya ng sihî o mga kabíbe
Pántalán	Piyer o puérto
Pisarán	Béntahan ng kópra o timbangan
Poblacion	Séntro ng bayan

Puló	Maliit na ísla o <i>islet</i> (Sibúyan)
Puyô	Maliit na ísla o <i>islet</i> (San Agustin)
Rekódo	Dalampasigan na hugis <i>convex</i>
Salingsíng	Paliko-likong daan na kalimítan ay paakyat ng bundok
Sapâ	Sapâ
Subâ	Ilog
Subatán	Silángan
Sugbó	Kanlúran
Sur	Timog
Suyóg	Agos ng dágat o ocean currents (Sulóg sa Sibúyan)
Tagudtód	Buról (Sibúyan)
Táob	High tide
Tayód	Buról (Romblon)
Travesia	<i>Strait</i> o kípot o <i>deep sea</i>
Tubigán	Paláyan
Tuburán	Bátis o bukál ng tubíg

Matatagpuan ang bayan ng Romblon sa gitna ng lalawigan ng Romblon. Bilang isang bayan at isla, ang Romblon ang sentro ng pamahalaan ng lalawigan. Ilan pa sa mga islang sakop ng bayan ay ang mga isla ng Alad, Cobrador, at Logbon. Ayon sa 2015 Sensus, mayroong 38,758 katao ang bayan ng Romblon.

May kabuoang sukat ang Romblon na 86.87 km² o 33.54 sq.mi. Bundok Lagting sa Brgy. Sablayan ang pinakamataas na bahagi ng bayan, na may taas na 444 metro (1457 ft).

Ilan sa mga sikat na lugar sa turismo ay Simbahan ni San Jose, Fuente de Belen, Talipasak Beach, Tiamban Beach, Moog ng San Andres at Santiago (Ang Moog ng Santiago ay guho na samantalang ang Moog ng San Andres ay nagawaran ng grant ng NCCA sa pagsasaayos at pagpreserba nito), Bonbon Beach, at Cobrador Beach.

Nakalista sa talahanayan ang mga salitang Iní na may kinalaman sa topograpiya. Bilang isang lalawigang napapalibutan ng dagat, maraming mga salitang Iní ang may kinalaman sa anyong tubig kagaya ng **suyog** (agos ng dagat), **travesia** (strait o kipot), **bîbî** (mababaw na bahagi ng

dagat), **baybay** (dalampasigan), **hanoy** (banayad na lakas ng alon) at **lawod** (laot). Samantala, may mga salita ring may kinalaman sa bundok o burol. Ilan sa mga ito ay **bakilid** (matarik na bangin), **kalatian** (kagubatan), kanipaan (lugar na maraming nipa), **lugitan** (lugar ng pagkokopra), **matukád** (pagpunta sa bukid), at **ilaya** (kabilang ibayo ng bundok).




Larawan 7. Island to island na Zipline sa pagitan ng Long Beach at Isla ng Biaringan sa San Agustin. (Larawan mula kay Carlo Joseph M. Juanzo)

Tampok sa pag-aaral ni Perlas (2016) ang pagbibigay-pansin sa heograpiya bilang pangunahing salik sa ugnayan ng mga kultura at wika sa bansa.

Tinatalakay ng papel kung paanong ang pagpapakahulugan sa karagatan batay sa tekstual at historikal na panunuri ay nagsisiwalat ng kolektibong kamalayan na tiyak na inilalahad ng multikulturalismo at multilinggwalismo sa lalawigan ng Romblon.

Inilalahad ng pananaliksik kung paanong ang pagiging arkipelago ng Romblon ay nagsisilbing daluyan sa halip na sagabal sa ugnayan ng mga isla bilang iisang rehiyon at iisang komunidad. Kahit pa sa tatlong wika umaawit - Onhan, Asi, and Romblomanon- iisang karagatan ang kanilang inaawitan at hinaharaya; iisa rin ang paraan ng kanilang pagpapatawa, mga halagahan at kahit pa ang kanilang mga magkakaibang mga katangiang pangkultura ay napag-iisa ng kanilang mga kaugalian at pamantayan sa buhay.



Larawan 8. Bayan ng Romblon kuha mula sa papadaong na bangka. Linear of pahaba ang pagtayo ng kabahayan sa kahabaan ng dalampasigan at pier. (Larawan ni Trekking Jay)

Demograpiya

Makikita ang kalakhang populasyon ng Cajidiocan sa mga patag na bahagi ng bayan malapit sa dagat. Ayon sa 2015 Sensus, may kabuoang populasyon ang Cajidiocan na 21, 861 at densidad na 110 katao/km² o 280/km². Ang bayan ay isang 4th class na uri ng bayan.

Binubuo ang Cajidiocan ng labing-apat (14) barangay: Alibagon, Cambajao, Cambalo, Cambijan, Cantagda, Danao, Gutivan, Lico, Lumbang Este, Lumbang Weste, Marigondon, Poblacion, Sugod at Taguilos.

Binubuo ang Magdiwang ng siyam (9) na barangay: Agsao, Agutay, Ambulong, Dulangan, Ipil, Jao-asan, Poblacion, Silum, at Tampayan.


Makikita naman ang kalakhang populasyon ng Romblon sa mga barangay malapit sa sentro ng bayan. Ayon sa 2015 Sensus, may kabuoang populasyon ang Romblon na 38,758 at densidad na 450 katao/km². Ang bayan ay isang 3rd class na uri ng bayan.

Binubuo ang Romblon ng tatlumpu't isang barangay: Agbaluto, Agpanabat, Agbudia, Agnaga, Agnipa, Alad, Bagacay, Cajimos, Calabogo, Capaclan, Guimpingan, Ilauran, Li-o, Logbon, Lunas, Lonos, Macalas, Mapula, Cobrador, Palje, Barangay I, Barangay II, Barangay III, Barangay IV, Sablayan, Sawang, at Tambac.

Makikita ang kalakhang populasyon ng San Agustin sa mga patag na bahagi ng bayan malapit sa dagat. Ayon sa 2015 Sensus, may kabuoang populasyon ang San Agustin na 22,598 at densidad na 160 katao/km² o 420/kilometro kwadrado. Ang bayan ay isang 4th class na uri ng bayan.

Binubuo ang San Agustin ng labinlimang (15) barangay: Bachawan, Binongaan, Buli, Cabolutan, Cagboaya, Camantaya, Carmen, Cauayan, Doña Juana, Dubduban, Hinugusan, Lusong, Mahabangbaybay (Long Beach), Poblacion, at Sugod.

Mapapansin na halos sa lahat ng bayan na sakop ng wikang Iní, ang pattern ng komunidad ay magkakahawig. Ang karakteristik ng topograpiya ng mga sakop na bayan ay ang pagiging arkipelago nito. Napapaligiran ng lahat ng bayan na sakop ng wikang Iní ng dalampasigan at mga ilog. Ang ayos ng mga tirahan sa mga sentro ng bayan ay nucleated o nakatumpok-tumpok o **impon-impon o tipon**. Ang mga komunidad sa bawat bayan ay nasa lowland area na napapalibutan ng dagat sa harap, bundok naman sa likod at mga ilog sa bawat gilid. Sa labas naman ng bayan, dahil sa haba ng dalampasigan at pagkakapaligid dito ng mga ilog ay linear o palinya ang ayos ng mga tirahan. Binabaybay ng mga kabahayan ang kahabaan ng dalampasigan at pampang o tabing-ilog.



Larawan 9. Halimbawa ng isa libtong ang Cawa-cawa Falls sa Dona Juan, San Agustin (Larawan ni Trekking Jay).

Talahanayan 2. Terminolohiyang Iní na may Kinalaman sa Migrasyon o Pagkilos ng Tao

Termino	Kahulugan
Lúsob	Bababa o papunta ng bayan (kahit mataás ang lugar ng bayan basta mula sa baryo papunta sa bayan palúsob ang tawag)
Matukád	Aakyat sa bundok (kahit magkasingtaás o paalis ng bayan patukád ang tawag)
Pabanwá	Papunta sa bayan
Pabukíd	Papunta sa bukid
Malúsong	Galing sa bundok pababa (Sibúyan)
Masubá	May daraanang anyong tubig

Nakasulat sa talahanayan sa itaas ang mga terminong Iní na may kinalaman sa migrasyon o pagkilos ng tao. Dalawa ang maaaring gamitin kapag gustong sabihing pupunta sa bayan: **lúsob** at **pabanwa**. Samantala, kapag pupunta sa bukid ay maaaring gamitin ang salitang **matukád** o pabukid. Sa mga nabanggit na halimbawa, ang mga salitang **lúsob** at **matukád** ay maaaring gamitin kahit na mas mataas ang lugar na pupuntahan sa panggagalingan. Dalawa lang din ang punto ng pagkilos ng tao: papuntang bayan o papunta sa kabukiran.



Larawan 20. Ang Mt. Payaopao mula sa Salingling road. Makikita sa kanang dulo ng Payaopao ang hiwalay na maliit na isla ng Biaringan. Mayroon itong Zipline na dinadayo ng mga turista.

Bilang isang lalawigang napapalibutan ng dagat, maraming mga salitang **Ini** ang may kinalaman sa anyong tubig at bundok. dahil sa pagiging arkepilagic ng mga isla matuturo na walang varayti ng wika ang dominante bagkus napapanatili ng bawat pangkat ang katangian ng sariling wika nito. Bagamat ang kabisera ng Romblon, Romblon ang may pinakamalaking populasyon, hindi ito nakaapekto sa alinmang aspekto ng paglago ng wikang **Ini**.



Larawan 11. Abandonadong *Quarry site* sa Li-o, Romblon, Romblon

Ang penomenong ito ay maaring epekto ng pagiging arkepilagic ng isla na nagprotekta sa katangian ng wika sa bawat isla kaya masasabi na isa sa mga epekto ng demograpiya ay pagkakaroon ng varayti sa wika.

Dahil sa pagiging hiwalay ng bayan ng Romblon na kaiba sa ibang bayang gumagamit ng **Ini**, hindi gaanong nagkaroon ng paglaganap ng mga salitang Romblomanon sa ibang lugar. Ang argumento ay masasabi rin sa usapin ng topograpiya dahil ang tatlong isla ay pareho na napapaligiran kapwa ng dagat at ng mga bundok.



Larawan 12. Mas malapit na larawan ng abandonadong *Quarrying Site* ng Marmol sa isla ng Romblon. Makikita ang laki ng deposito ng marmol. Ginamitan ito ng sopistikadong makina upang mabloke ng makinis. Ang nakagisnang pagbobloke ng marmol ay mano-mano.

II. PAGKAKAKILANLAN NG PANGKAT

Identidad ng Pangkat

Nagmula ang pangalan ng bayan ng Cajidiocan sa **idioc** na nangangahulugang **palmo** sa lokal na wika. Tinatawag na Cajidiocanon ang mga mamamayan nito. Karamihan sa mga Cajidiocanon ay may apelyidong nagsisimula sa R mula sa utos ng Español na Gobernador-Heneral na si Narciso Claveria noong 1849 (Esquejo 2014).



Larawan 13. Ang pamilyar na kultura ng paninihe o pagkuha ng yamang-dagat sa San Agustin, Romblon. Ang mga isla na nagsasalita ng wikang Iní ay mayaman sa dalampasigan dahil sa likas na topograpiya ng lugar. (Larawan ni Trekking Jav)

Nagmula ang pangalan ng bayan ng Magdiwang sa paksyon ng Katipunan na Magdiwang. Sa Inisyatibo ni Gob. Manuel T. Albero ay napalitan ang pangalan nitong Magallanes tungo sa Magdiwang noong 1931 bilang alaala sa paksyong ito ng Katipunan.

Halaw ang pangalan ng bayan ng San Fernando kay Ferdinand Magellan.

Nagmula naman ang pangalan ng Romblon sa salitang **Lomlom**. Sinasabing nagmula ang pangalan sa isang manok na naglililim ng mga itlog o **nagalumyom**. Tinatawag na Romblomanon ang mga nakatira sa Romblon, bagaman ang salitang Romblomanon ay tumutukoy din sa lahat ng mamamayan ng lalawigang Romblon. Bagaman isa sa mga pinakapopular na alamat sa pinagmulan ng pangalan ng Romblon, isa lamang ito sa maraming teorya ukol sa pinagmulan ng pangalan ng lalawigan. Karamihan sa mga Romblomanon ay may apelyidong nagsisimula sa

M mula sa utos ng Español na Gobernador-Heneral na si Narciso Claveria noong 1849 (Esquejo 2014).



Larawan 14. Isa sa pangunahing hanapbuhay naman ng mga taga San Agustin ay ang pangingisda, dahilan sa pagdami ng nabubuong wika na may kinalaman sa dagat.

Bukod sa naunang naisulat na ito tungkol sa pinagmulan ng pangalan ng Romblon, may mga bagong teorya si Esquejo (2018) sa pinagmulan ng *place-name* ng Romblon. Sinimulan niya ang argumento sa pagpansin sa pagpapahalaga ng mga Filipino sa pinagmulan ng pangalan ng kani-kanilang lugar. Marahil aniya ay dahil sa kakulangan ng tala sa kasaysayan bago dumating ang mga Kastila. Nabanggit na ang unang teorya na halaw sa popular na kuwento ng isang inahing manok na naglilimlim sa kanyang mga itlog. Nagtanong ang sundalong kastila sa pangalan ng lugar na sinagot ng isang babae na **nagalumyom** o naglilimlim. Ang pangalawang teorya naman ay galing sa parehong mga tesis ni ni Reyes at Madeja (1993), na parehong binanggit din ni Esquejo (2018) na nakaturol umano sa *Spanish accounts*. Ayon sa salaysay ni Miguel de Loarca tinawag ang grupo ng mga isla na *Donblon*. Dito nagsimula ang paliwanag ni Madeja na ang salitang Kastila na *Roblon* o *Screw* ang pinagmulan ng tawag sa isla na hinugot naman sa hugis nito samantalang si Reyes naman ang nagsulong ng teorya na posibleng galing sa salitang *Doubloon*, isang barya sa Kastila na nasa sirkulasyon ng panahon ng digmaan sa mga Moro. Kasama din sa teorya ang kwento ng Maragtas tungkol sa sampung Datu ng Borneo na dumating sa Panay kung saan binanggit ang isla sa pangalang Romrom. Pinakahuling teorya ay ang isang varayti ng pandan na Romblon ang tawag at makikita sa mga karatig na isla.

Talahanayan 3. Terminong may kinalaman sa pangalan ng pangkat

Bayan	Katawagan sa mga Mamamayan	Katawagan sa Wika
San Agustin	Taga-San Agustin/Badajoznon	Romblomanon Iní
Romblon	Romblomanon	Romblomanon Iní
Magdiwang	Taga-Magdiwang	Romblomanon Iní
Cajidiocan	Cajidiocanon	Romblomanon Iní
San Fernando	Taga-San Fernando	Romblomanon Iní

Samantala, kilalá din ang Romblon sa pagiging *Marble Capital* ng bansa dahil sa malaking deposito ng marmol sa bayan. Karamihan sa mga hindi nakatira malapit sa dagat ay nagtatrabaho nang may kaugnayan sa marmol.



Larawan 15. *Aerial view* ng bayan ng San Agustin. Makikita ang pagiging *nucleated* o tumpok-tumpok ng hanay ng kabahayan sa bayan. Gaya ng karamihan sa mga bayan na nagsasalita ng wikang Ini, nasa lowland o kapatagan ang komunidad na napapaikutan ng dagat sa harap, bundok sa likod at ilog sa magkabilang panig.

Dating tinatawag na Guintigui-an ang San Agustin dahil sa isdang **tigue** sa lugar. Ang tigue ay may apat na klase na kabilang sa pamilya ng Engraulidae. Ang nasa ilog ng Guintigui-an ay posibleng ang **tigi** o dumpilas o Hamilton thryssa sa Ingles (*Thyssa hamiltonii*). Noong 1868, pinalitan ito ng Badajoz at naging opisyal na pangalan ang San Agustin noong 1957 sa bisa ng RA

1660. Karamihan sa mga taga-San Agustin ay may apelyidong nagsisimula sa M mula sa utos ng Español na Gobernador-Heneral na si Narciso Claveria noong 1849 (Esquejo, 2014).



Larawan 16. Makikita sa larawan ang pagsasalubong ng dalawang *pumpboat* sa gitna ng laot. Ang isa ay pabalik sa isla ng Romblon at ang isa naman ay pabalik ng San Agustin sa isla ng Tablas. Mahigit isang oras ang kalimitang tagal ng biyahe (Larawan ni Trekking Jay).

Bilang isang wika na ginagamit sa tatlong magkakaibang isla ng Tablas (San Agustin), Romblon (Romblon), at Sibuyan (Magdiwang, Cajidiocan at San Fernando), ang wikang Iní ay nagkakaroon ng iba't ibang katawagan ayon na rin sa pagkaunawa ng mga mamamayan. Samantala, isa ring maaaring tawag sa mga taga-San Agustin ay Badajoznon mula sa dating pangalan ng bayan. Napalitan ang pangalan ng bayan ng San Agustin noong 1956.

Nang tanungin kung ano ang tawag sa kanilang wika, nagkakaiba ang sagot ng mga kalahok. May sumagot na Bisaya at Hiligaynon. Dito makikita na hindi pa lubos ang pagkakakilala ng katutubo sa sariling identidad. Ang mga nabanggit na wika, ang Bisaya at Hiligaynon ay mga dominanteng wika ng mga karatig lugar na malaki ang ambag at impluwensiya sa wikang Iní. Bukod dito sa mga aklat sa elemetarya at highschool hindi mababasa ang wikang Iní at hindi pa naituturo sa mga paaralan dito sa Romblon.

Ang mismong pangalan ng Iní, na nangangahulugang Ito, ay ginagamit sa mga bayan ng San Agustin, Romblon, Cajidiocan, San Fernando at Magdiwang.



Larawan 17. Isang *Quarry* na marmol sa na inukit sa tabi ng isang bundok. Makikita ang lawak at laki ng operasyon kung ikukumpara ang mga nakahanay na heavy equipment sa lugar.

Lokasyon at Distribusyon

Nahahati ang mga mamamayan sa tatlong pangunahing isla ng lalawigan: Tablas, Romblon at Sibuyan. Malaking bahagi ng buhay ng mga residente ang dagat bilang pangunahing transportasyon papunta sa karatig isla. Ang bayan ng San Agustin ay kalahating kapatagan at mabundok, na ang pinakamataas na bahagi ay ang Bundok Payaopao. Dati’y isang napakalaking



Larawan 18. Mga *pumpboat* na nakadaong sa pantalan ng Romblon, Romblon. Dalawang beses sa isang araw ang biyahe na inaabot ng halos isang oras depende sa lakas ng alon (Larawan ni Trekking Jay).

bayan ng San Agustin at sakop pa nito ang ngayo'y teritoryo ng mga bayan ng Calatrava at Sta. Maria. Nahiwalay lamang ang una noong 1969 habang noong 1984 naman ang isa.

Samantala, malaki naman ang deposito ng **márbol** o marmol ang matatagpuan sa bayan ng Romblon, na siya ring kabisera ng lalawigan. Karamihan sa mga residente ay nakatira sa mga kapatagan na halos paikot sa buong isla. Halos walang malawak na kapatagan sa Romblon dahil mabato ang kalakhan nito.

Binubuo ng 81 na mga barangay ang mga bayan ng Iní. Ang bayan ng San Agustin ay binubuo ng 15 barangay, ang bayan ng Romblon ay may 31 barangay, ang Magdiwang ay 9, ang Cajidiocan ay 14 at 12 ang San Fernando. Makikita ang sentro ng mga bayan sa patag na bahagi at tinatawag na Poblacion. Tanging ang Poblacion ng bayan ng Romblon ang pataas, dahil na rin sa komposisyon ng isla. *Linear* o sinusunod ang kahabaan ng isla ang posisyon ng komunidad ng mga Iní. Makikita sa Poblacion ng bawat bayan ang paaralan, tanggapan ng pamahalaan, at simbahan. *Plaza complex* ang oryentasyon ng mga nabanggit na institusyon. Karaniwang mas malalaki at sementado ang bahay ng mga nakatira sa Poblacion kaysa sa mga nasa kanayunan.

Tinatawag na bukid ang mga lugar sa labas ng Poblacion. *Dispersed* o mas malayo ang mga kapitbahay at karaniwang kubo na yari sa kahoy at **páwod** o pawid ang mga bubong. Ang mga kabahayan ay madalas may maliit na lote para sa mga tanim na **utan** o gulay at halaman at mga alagang hayop tulad ng baboy, manok, kambing, kalabaw at baka. Karaniwan ding makikita sa kabukiran ang mga kaniyugan at koprahan at iba pang mga taniman. Batis o source ng tubig ang mga anyong tubig tulad ng ilog, talon, batis at sapa.

Para magtungo sa kabilang isla, sasakay ng pampasaherong barko ang mga residente o mga maliliit na lantsa, na mas kilala bilang pumpboat. May takdang oras ang byahe ng mga ito at minsan lang sa isang araw. Kadalasan namang sasakyan paikot sa mga isla ang single (o motorsiklo, kilala rin bilang habal-habal), jeep, van, at traysikel.



Larawan 19. Pagkikinis sa marmol na gagawing mesa.


Sa Sibuyan, animnapung bahagdan (60%) ang nakatira sa mga kapatagang malapit sa dagat, habang ang natitirang 40% ay nakatira sa paanan ng Guiting-Guiting. Karamihan sa mga mamamayan ng Magdiwang ay nakatira sa patag na bahagi ng bayan.

Ang mga Romblomanon ay nakatira malapit sa mga dalampasigan. Kilala rin ang bayan sa pagkakaroon ng mga magaling na iskultor ng mga marmol na likhang-kamay.

Samantalang ang San Agustin ay makikita sa lugar malapit sa dalampasigan o sa mga maburool na bahagi o *linear*.

Ethnolinguistic Background /Migrasyon

Dating bahagi ng *politico-military district* ng Capiz ang buong Romblon at Aklan. Noong panahon ng mga Amerikano, 1907, naging isang lalawigan ang Romblon sa pamamagitan ng Inisyatibo ni Cong. Leonardo Festin ng Banton.




Larawan 20. Ang *Language Map* ni Lobel.

Binubuo ang lalawigan ng Romblon ng tatlong wika: ang Asi, Onhan at Iní. Sinasalita ang Asi sa mga bayan ng Odiongan, Calatrava, Simara, Banton, at Sibale habang ang Onhan naman ay sa mga natitira pang bayan sa isla ng Tablas: San Andres, Ferrol, Looc, Alcantara, at Sta. Fe at

San Jose sa isla ng Carabao. Ayon sa Language Map ni Lobel, ang Romblomanon Iní ay kabilang sa sub-group ng Hiligaynon ng Central Visayan Languages. Ang Onhan naman ay bahagi ng Kinaray-a habang ang Asi ay hindi kabilang sa anumang sub-group (Menez, 1998).

Dahil nasa magkakaibang isla ang mga bayan, malaki ang impluwensiya ng mga karatig-bayan sa pagkakabuo ng wika ng mga pamayanan. Sa San Agustin, halos magkaugnay na ang salita ng mga taga-Bachawan (pinakahuling barangay ng San Agustin) at baryo ng Sto. Nino ng bayan ng Sta. Maria. Ang bayan ng Sta Maria ay kabilang sa pangkat na nagsasalita ng wikang Onhan, ngunit ang baryon ng Sto. Niño sa baying ng Sta Maria ay wikang Iní ang isinasalita sa halip na Onhan. Halos ganito rin ang kaso ng Magdiwang na mas malaki ang impluwensiya ng Romblon kaysa Cajidiocan at San Fernando, lalo na sa Poblacion. Ang Magdiwang, Cajidiocan at San Fernando ay kabilang sa isla ng Sibuyan samantalang ang bayan ng Romblon ay hiwalay na isla. Hawig ang tono at varayti ng wika ng Romblon at Magdiwang kumpara sa kalapit bayan nito at kasama sa kaparehong isla. Bagaman parehong wikang Iní ang isinasalita ng mga nabanggit na bayan, makilala ang varayti sa wika ng mga ito sa pamamagitan ng tonog at pagbigkas at kahit sa mga ekspresyon na ginagamit ng mga katutubo.

Sinabi ni Ong (1989) na walang paraan upang malaman kung ilang wika ang nagbago o naging bahagi ng iba pang wika. Sa ngayon, daan-daang wika ang hindi pa nasusulat dahil wala pang natutuklasang mabisang paraan ng pagsulat tungkol sa mga ito.



Larawan 21. *Romblomanon Dictionary* ni Leonard Newell

Isang hakbang sa nasabing sitwasyon ang pagkakaroon ng diksiyonaryong Romblomanon (Newell, 2006). Mayroon ding Tuk-anan na isang talasalitaan ng wikang Asi na salin ng Filipino sa Asi at Asi sa Filipino. Ang mga ito ay ambag ng mga Romblomanon upang maisulat nang maayos ang kanilang sariling wika. Sabi pa ni Ong (1989), maituturing na oral ang mga wika ng Romblon dahil sa pagkakaroon ng ilang libong salita at limitadong kaalaman ng mga katutubo sa kasaysayan ng mga naturang salita.



Larawan 22. *Tuk-anan* ni Fadri at Faminiano

Ang tatlong wika ng Romblon ay sinasalita ng humigit kumulang 200,000 katao. Dahil ang lalawigan ay pulo-pulo at ang pangunahing transportasyon ay sa mga barko o bangka, madalas hindi napapansin ng mga mananaliksik ang Romblon. Kung maghahanap sa internet ng tungkol sa Romblon, bihira ang makikitang artikulong pangakademiko na nailimbag. Karamihang post ay tungkol sa turismo at mga magagandang tanawin ng lugar. Iilan lang din ang aklat tungkol sa kultura at wika ng Romblon. Sa madaling salita hindi pa gaanong nasasaliksik ng mga iskolar ang kultura at wika ng Romblon.

Panghuli, mapapansin na nakaapekto ang heograpiya at kasaysayan ng mga nanirahan sa isla upang umusbong at lumago ang tatlong wika ng Romblon. Sa kasaysayan makikita na ang naging impluwensya ng wikang Iní ay ang wikang Hiligaynon kung saan ito kabilang na subgroup. Ang heograpiya naman ang nagpayaman sa wika dahil karamihan sa glosaryong nakalap ay tungkol sa heograpiya ng pagiging arkipelago ng Romblon.

III. SITWASYONG PANGWIKA

Deskripsyon ng Wika

Ang wikang Iní ang isa sa tatlong wikang umiiral sa lalawigan ng Romblon. Bilang isa sa tatlong wika, isa ito sa mga palaging ginagamit lalo't higit sa mga bayan ng San Agustin (isla ng Tablas), Romblon (isla ng Romblon), at tatlong bayan ng Magdiwang, San Fernando, at Cajidiocan (isla ng Sibuyan). Sinasabing ang wikang Iní ay kabilang sa subgroup ng wikang Hiligaynon na isa sa tatlong pangunahing pamilya ng wika sa Visayas (Zorc, 1975).

Binubuo ng higit 800 pahina, ang akda ni Newell (2006) ay ang kauna-unahang pagtatangka para sa komprehensibong bilingguwal at bi-direksiyonal na diksiyonaryo ng wikang Iní. Bunga ito ng ilang taong pamamalagi ng may-akda sa Romblon, Romblon. Humigit kumulang 20,000 salitang Romblomanon ang naitala ng diksiyonaryo na maaaring makita sa listahang Ingles-Romblomanon at Romblomanon-Ingles. Ang akdang ito ay isa sa mga pangunahing diksiyonaryo ng Summer Institute of Linguistics.

Ang mga nakapanayam ay hindi nagkakaisa sa tawag sa kanilang wika. Mayroong tinatawag itong Bisaya, Hiligaynon, at Romblomanon. Dahil dito, isang isyung dapat resolbahin ang pangalan ng wika dahil ang salita mismong Iní ay hindi matatagpuan sa bokabularyo ng mga bayan ng Cajidiocan at San Fernando. Ang **iní** ay isang ekspresyon na ang ibig sabihin at “ito.” Lagi itong ginagamit sa mga bayan ng San Agustin, Romblon at Magdiwang ngunit hindi ginagamit sa Cajidiocan at San Fernando. Ito pagkakaibang ito ay dulot ang pagkakaiba ng varayti ng wika sa mga nasabing bayan. Bilang implikasyon masasabi na maari talagang magdulot ng kalituhan sa pagkakakilanlan o identidad ng pangkat ngunit sa kabilang banda hindi rin pweding gamitin ang Romblomanon dahil ang tatlong wika sa Romblon, ang Asi, Onhan at Iní ay matatawag na parehong mga wikang Romblomanon. Hindi rin maaring gamitin ang Hiligaynon dahil hindi naman talaga ito Hiligaynon ngunit kabilang lamang sa sub-grouping ng nasabing wika kaya nakitaan ng mas maraming registry. Ang pinakamalapit lang talaga na maaring itawag na pagkakilanlan ng wika ay ang Iní dahil bukod sa ginagamit ng mas nakakaraming bayan ay kilala na rin ito maging ng mga taga Cajidiocan of San Fernando.

Samantala, ilang Sibuyanon rin ang iginigiit na dapat ay magkaroon ng isa pang hiwalay na wika mula sa Iní. Kapag mapatunayan ang pagkakaibang ito at tanggapin ng kinauukulan, maaaring gamitin ito upang humiwalay bilang isang lalawigan mula sa Romblon, kung paanong ang Aklan ay may kaibahan din ang wika sa Capiz na naging dahilan ng paghiwalay nito noong 1956.

Pinapakita sa talahanayan sa itaas ang mga salitang Iní na malalalim o bihira nang magamit. Ilan sa mga malalim na salitang bihira nang gamitin ay **namakì** o paa, **namaslók** o mata, at **nasingkáb** o bunganga o bibig. Sa panayam sa ilang taga-Sibuyan, sinabi nilang malalim na salitang Iní ang mga nabanggit dahil na rin sa dalang na gamitin ang mga ito at hindi pa alam ng mga kabataan. Nagagamit lamang ang mga naturang malalalim na salita sa mga sumusunod na sitwasyon: kapag pinapagalitan ng matatanda ang mga kabataan o kanilang mga anak, kapag kababayan ang kausap at kailangang bigyan ng diin ang pagpapaliwanag, kapag nasa inuman o anumang okasyon at napagusapan ang mga lumang wika, upang ipakita ang kaalaman sa sariling wika at upang ituro ito sa mga kabataan.

Halimbawa ng paggamit ng malalim na salita: **Puro walâ ang namakì ko** (Puro kaliwa ang mga paa ko.) Ang nakapanayam ay pinapasayaw kaya nabanggit nito na puro kaliwa ang kanyang mga paa. Mas may diin kung malalim na salita ang gagamitin sa mga ganitong sitwasyon.

Mga Varayti ng Wika

Ang wikang Iní ay mayroong limang varayti ng wika: **San Agustin Iní, Romblon Iní, Magdiwang Iní, Cajidiocan Iní, at San Fernando Iní**. Madaling makikilala ang pagkakaiba ng baryasyon sa mga bayan sa isla ng Sibuyan. Sa mga Cajidiocanon, kilala ang pagkakaroon ng mas malumanay na pagsalita habang ang mga taga-San Fernando naman ay kilala sa pagpapalit ng “j” sa tunog “y”. Halimbawa nito ay ang isang tongue twister na Ang **kabajô** ay **nagtijog-tijog** sa puno ng **nijog** na sinasabi ng mga taga-San Fernando. Samantala, sa Cajidiocan at Magdiwang ay nangangahulugan ang pahayag na Ang kabayo ay **nagtiyog-tiyog** sa puno ng niyog (Ang kabayo ay umikot-ikot sa puno ng niyog).

Talahanayan 4. Malalalim na Salita sa Wikang Iní ng Cajidiocan

Salita	Cajidiocan
Matá	Namaslók
Babà o Bibíg	Nasingkáb
Paá	Namakî
Noó	Agtáng
Uló	Alinták
Gulugód	Tayudtód
Tiyán	Bayúkan
Kílikíli	Ilók
Lalamúnan	Puwák
Leég	Líog

May bahagyang pagkakaiba ang mga diyalekto ng Iní ayon sa limang bayan kung saan ito ginagamit. Dahil mas malapit sa isla ng Panay sa Visayas at isla ng Masbate, at dulot ng rin ng migrasyon bukod pa sa kasaysayan na naging kabilang ang Romblon sa Capiz maaring nagkaroon ng shared retention o shared history ang mga wika ng mga nabanggit na bayan. Sinabi nga ni

Lobel (1976), sister-language ng Iní ang mga wikang Masbatenyo, Capiznon, Porohanon, at Waray sa ilalim ng Central Bisayan.

Pinakamapapansin ang pagkakaiba ng mga diyalekto ng Iní sa paraan ng pagbigkas ng mga mananalita. Ang pangungusap na Nandito na ang barko ay maaaring maipahayag sa mga sumusunod na ekspresyon:

Talahanayan 5. Halimbawa ng mga ekspresyong diyalektal

	Andito na ang barko	Andoon na ang barko
San Agustin:	Yari na ang bapor	yadto na ang barko
Romblon:	Yari na ang bapor	yadto na ang barko
Magdiwang:	Ari na ang bapor	adto na ang barko
Cajidiocan:	Ari na ang bapor	adto na ang barko
San Fernando:	Ari na ang bapor	adto na ang barko

1. Sosyolingguwistika

Bilang isang wika na may iba't ibang diyalekto, ang wikang Iní ay maaaring gamitin sa anumang bayang sakop nito bagaman may ilang mga salitang naiiba ang tumbas. Halimbawa nito ang salitang **talik** na sa **San Agustin Iní** ay maaaring isalin bilang **pitos** habang sa ibang mga bayan ay **kasta** o **kawing**. Gayunpaman, ang wikang Iní ay malayang nagagamit ng mga katutubong nagsasalita nito habang hindi rin ito maintindihan ng mga gumagamit ng ibang wika. Halimbawa, ang isang nagsasalita ng Onhan o Asi ay mauunawaan ang ilang mga salitang ginagamit sa isang payak na pangungusap sa wikang Iní ngunit tila patlang sa ilang salitang hindi nila alam ang ibig sabihin. Gayundin ang mga nagsasalita ng Iní, hindi rin nila naiintindihan ang mga nagsasalita ng Asi ngunit mas nauunawaan ang nagsasalita ng Onhan. Ang tanging mga nakagagamit at nakaiintindi ng mga wika sa Romblon ay yaong mga nag-aral sa Odiongan o tumira ng ilang taon sa ibang bayan na iba sa kanilang kinagisnang wika. Hindi naman matiyak na ang wikang Iní ang dominant na wika sa buong isla ng Romblon dahil sa wala pang pag-aaral tungkol dito.

2. Wikang Ginagamit sa Bawat Dominyo

Malimit pa ring gamitin ang wikang Iní sa natural na diskurso ngunit sa pag-unlad ng panahon, nakahon ang paggamit ng Iní sa loob ng bahay at sa mga kapitbahayan. Mas ginagamit ang wikang Iní sa usapan sa loob ng bahay – kapag pinangangaralan ang anak, kapag nag-uutos, kapag nakikipag-usap sa mga kapitbahay o kapag namamalengke o bumibili. Nagiging ekstensiyon ng paggamit ng wika ang palengke bilang isang daluyan ng paggamit ng wikang Iní.

Samantala, kabaliktaran ang sitwasyon ng wika sa mga pampublikong lugar o ahensiya o pamahalaan. Filipino ang ginagamit dito bilang pagkilala na rin sa pagkakaroon ng maraming taong maaaring di makaintindi ng sinasalita nila. Maging sa mga paaralan, mas ginagamit ang

Filipino sa pagtuturo bagaman mas gamit naman ang Iní sa usapan ng bata sa bata, o dili kaya ay pagdidisiplina ng guro sa mga mag-aaral.

Sa kabuuan, kapag alam ng nagsasalita na ang kanyang kausap ay nakagagamit o nakaiintindi ng katutubong wika, kinakausap niya ito sa Iní habang taliwas naman kapag dayo o hindi kilala ang kinakausap. Lantaran din ang paggamit ng Filipino sa mga pampublikong institusyon bilang moda ng komunikasyon. Dahil dito, maraming mga bata ang hindi na nakaiintindi ng ilang malalalim na salita sa wikang Iní dahil mas nasanay na sa Filipino.

IV. ESTRUKTURA NG LIPUNAN/KOMUNIDAD

Pamilya

Madalas na ang isang lugar na maraming bahay ay magkakamag-anak, o di man ay nakatira sa iisang bubong ang isang pamilya at iba pang kamag-anak.

Sa loob ng tahanan o **bayáy**, wikang Iní ang gamit ng magkakamag-anak. Kapag pinapagalitang ng magulang ang anak, mas pinipili na gamitin ang mga malalalim na wikang Iní. Hindi ginagamit ang ibang wika ng kahit anong etnolingguwistikong grupo kapag sa loob ng bahay at usaping pampamilya ang tinatalakay.

Kapag naglalambing din ang asawa sa kanyang kabiyak, ang magulang sa anak at anak sa magulang, asahan na mas pinipili ang wikang Iní upang ihatid ang mga nais sabihin. Kalimitan kahit nakapag-asawa mula sa ibang etnolingguwistikong grupo, mapapansin na wikang Iní pa rin ang dominanteng wika ng pakikipag-usap sa loob ng tahanan.

Pagkakamag-anak o Paghiyali

Malaki ang bahagi ng kamag-anak sa pamilyang Romblomanon. Kadalasan, kapitbahay ang mga kamag-anak o ‘di man ay nakatira sa iisang lugar. Gaya ng pangkaraniwang pamilyang Pilipino, mataas ang pagpapahalaga sa mga nakatatanda o mga lolo at lola at kinukuha ang kanilang opinyon sa mga desisyon sa buhay.

Mahalaga ang **paghiyali** sa komunidad lalo’t mapapansin na halos lahat naman ay magkamag-anak. Karaniwan ang pagbibigayan ng ulam o **suyâ** sa magkakapitbahay na karaniwan na ring magkamag-anak. May konsepto din na **sandukan** kung saan naging kaugalian na ang pagpapalitan ng ulam ng magkamag-anak.

Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

Nakatuon ang komunidad ng wikang Iní sa pagkakakilanlan ng bawat isa. Madalas, kilala ang isang tao base sa kanyang mga kamag-anak, o base sa kanyang lugar ng tirahan. Karaniwang ginagamit ang wikang Iní sa mga ganitong pagkakataon dahil kilala ng mga tao ang isa’t isa. Ang isang pamilyang nakatira sa malayo ay kilala pa rin ng kanilang mga kapitbahay bagaman malayo na ang lugar para maituring na kapitbahay.

Panliligaw o Pagpangaluyag /Pag-aasawa

Sa panliligaw o pag-aasawa, karaniwang pareho ang antas ng pamumuhay ng isang lalaki at ang kanyang nililigawan at nakakatuluyan. Mas uso ang pag-aasawa ng mga kilala bagaman may ilang nagkakaasawa nang labas sa kanilang etnolingguwistikong grupo. Mapapansin din ang koneksiyon sa unang titik ng apelyido. Kapag F, malaki ang posibilidad na ang magulang o asawa ay isang Asi, o kapag M, taga-San Agustin o Romblon. Ilan sa mga salik na nakakaapekto rito ay

pagtatrabaho at pag-aaral sa labas ng kanilang bayan o isla kaya nagkakaroon ng paglaganap ng kulturang Inì sa ibang lugar o bayan.

Fertiliti

Karaniwan na sa mga Pilipino ang pagtulong ng mga kamag-anak sa panahon ng pagdadalang-tao ng isang babae. Gayundin ang sitwasyon sa mga komunidad ng wikang Iní. Ang mga babae ay pinahahalagahan ng komunidad at Iníiwas sa mga bagay na maaaring makasama sa kanya at sa ipinagbubuntis. Ang mga hilig (pinaglilihian o **pinagpanamkon**) ng mga buntis ay tinatalima rin at pinagtutulungang mahanap ng mga kamag-anak upang maayos na maalagaan ang magiging anak.

Pakikitungo sa Komunidad

Mataas ang pagpapahalaga ng mga tao sa komunidad. Makikita ito sa ilang mga gawain gaya ng Brigada Eswkwela ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) kung saan bumababa pa mula sa mga bundok at gubat ang mga magulang upang tumulong sa nasabing aktibidad. Aktibo rin ang mga tao sa mga gawaing pampiyesta sa lebel man ng barangay o bayan. Laging mayroong street dance ang bawat barangay na karaniwang binubuo ng mga kabataan. Dinarayo ang ganitong mga pagdiriwang hindi lamang ng mga taga-mismong lugar kundi maging ng mga taga ibang isla.

V. ESTRUKTURA AT SISTEMA NG PAMAHALAAN

Kapangyarihan/Pamumuno

Alinsunod sa probisyon ng RA 7160 o Local Government Code of 1991, binubuo ang mga bayang nagsasalita ng Iní ng punong-bayan, pangalawang punong-bayan, at walong konsehal. Ang bawat barangay ay may kani-kaniyang kapitan at pitong kagawad.

Batas o Layi /Tuntunin sa Loob ng Komunidad

Ang lehislatura ng mga bayan ay nasa kamay ng Sangguniang Bayan, at isang sekretarya, at maaaring maluklok sa tatlong magkakasunod na termino. Ang Sangguniang Bayan din ang nangunguna sa pagsasabatas ng mga ordinansa.

Sistemang Panghustisya

Ang lahat ng bayan ay pinamumunuan ng Municipal Trial Court na siyang nangangasiwa sa usaping legal sa bayan.

VI. SISTEMA NG KABUHAYAN

May kani-kaniyang pagkakakilanlan ang mga bayan bagaman may bukod-tangi sa ilang bayan. Sa San Agustin, kilala ang **sarsa** habang ang Tersing Balitsaw naman sa Magdiwang. Ang bayan ng Romblon naman ay kilala sa mga likhang kamay mula sa marmol habang ang Cajidiocan at San Agustin ay kilala sa mga walis o **silhig**. Ang bayan naman ng San Fernando ay mas kilala sa **dugos** o pulot o *honey*.

Talahanayan 6. Terminong may kinalaman sa paggawa ng walis tambo

Termino	Kahulugan
Aguhò o Agohà	Malaking karayom na ginagamit sa pagtatahî ng jumbo o malaki na walis
Atís-atís	Estílo ng pagtahî ng walis tambô na kung saan ang hawakang yarì sa kahoy ay binalot sa plastic.
Baguio	Estílo ng pagtahî ng walis tambô gamit ang rattan. Ang desinyo ng walis ay hugis buntot ng isang peacock.
Bangisan	Hulmáhan ng hawakan ng walis tambô
Bugkós	Isang hugpóng ng kamay na may isandaang bulaklak ng luwáy
Buríl	Matulis na pantusok sa matigas na bahagi ng tinatahî bago gamitin ang karayom
Bóyak	Bulaklak ng luwáy; Parte ng luwáy na tinatanggal sa pamamagitan ng paghampas sa semento o kahoy. Ito ay makatì sa hindi sanay.
Ginalampós	Proseso ng pagtanggal ng bulaklak ng luwáy sa pamamagitan ng paghahampas sa semento o anumang matigas na bagay
Handol	Kinorap na katawagan sa hawakan ng walis tambô
Handwood	Walis tambô na kahoy ang hawakan
Jumbo	Madámoy o makapal na urì ng walis tambô
Layà-layà	Estílo ng pagtahî ng walis tambô na rattan ang gamit pantahi sa luway o tambo sa kahoy na hawakan nito
Luwáy	Dahon ng Tiger Grass na ginagawang walis tambô
Masílak	Maaraw
Ordinary	Normal na lakí ng walis tambô
Pahawán	Paglilínis o paghahanda ng pagtataniman
Palamán	Pinagsama-samang púno ng walis tambô sa loob ng hawakan ng straight na walis tambô na nagsisilbing palamán nito
Porma	Paraan ng pagtali ng alambre
Pung-pong	Isang hakop o isang dakót

Saha	Parte ng halaman na maaaring muling itanim; usbong
Sticker	Plastic cover na nakabalot sa hawakan ng walis tambô
Straight	Walis tambô na may hawakang yarì sa tangkay ng luwáy imbis na kahoy
Tapis	Katawan ng luwáy

Produksiyon

1. Pagtatanim ng Luwáy at Paggawa ng Silhig o Walis Tambo (San Agustin)

Isang buhay na industriya ang paggawa ng walis tambo o **silhig** sa bayan ng San Agustin. Pami-pamilya ang gumagawa ng walis tambo at Iníluwas sa iba't ibang bayan ng Romblon maging sa labas ng lalawigan.

Pinakalaganap ang industriya sa barangay ng Doña Juana kung saan malawak ang taniman ng **luwáy** o *tiger grass* (*Thysanolaena maxima*) o Tambo sa Tagalog. Bukod sa likas na pagtubo ng **luwáy**, naging isang parte na ng kabuhayan ng mga tao ang pagtatanim ng **luwáy** at paggawa ng walis tambo. Bilang isang bahagi ng buhay ng mga tagarito, maraming mga salitang nabuo dahil dito at ginagamit sa mga gawaing may kinalaman sa paggawa ng walis tambo.

Makikita sa talahanayan ang mga terminolohiyang Iní na may kaugnayan sa paggawa ng walis tambo sa barangay ng Doña Juana sa bayan ng San Agustin. Mapapansin ang iba't ibang klase ng pagtahi ng walis tambo tulad ng **atis-atis**, **Baguio**, at **laya-laya**. Samantala, nabanggit din ang iba't ibang mga kagamitan sa paggawa ng walis gaya ng **aguho** (karayom para sa *jumbo* na walis tambo), **bangisan** o **hulmahan** ng hawakan ng walis tambo, at **buríl** o karayom na ginagamit sa **ordinary** na walis tambo. Mapapansin sa buong baryo ng Doña Juana kapag anihan na ng **luwáy** dahil kabi-kabila ang nagbibilad nito. Halos lahat ng pamilya sa lugar ay sangkot sa gawain ng paggawa ng walis tambo. Kapag tuyo na ang binilad na **luwáy** ay handa na itong **ilampos** o ihampas upang maihiwalay ang bulaklak ng **luwáy**. Ang paghahampas ng **luwáy** ay isang gawaing pinagkikitáan ng mga kabatáan. Ang paglampòs o paghambas sa **luwáy** ay mano-mano. Ayon sa mga nakapanayam, may mga pagkakataon na dati na gumamit sila de-makinang pangtanggap ng bulalaklak ng **luwáy** ngunit kalaunan ay bumalik din sa tradisyonal na **paglampos** dahil mas epektibo ito at mas malinis.



Larawan 23. Buyak ng Luway

1.1. Proseso ng paghahanda ng materyales at kagamitan

Walang partikular na buwan sa pagtatanim ng **luwáy** basta may kaingin ay maaari nang magtanim ng **luwáy**. Siguraduhing **kahawan** o malinís ang pagkakatanggal ng mga damo at iba pang tanim sa kinaingin na *erya* para maiwasan ang pagkasira ng **luwáy**. Huwag kukunin ang lahat ng aning **luwáy**. Mag-iwan ng **saha** para muling magamit sa pagtatanim ng **luwáy**. Magbilang ng isandaang hibla o *strand* ng bulaklak ng **luwáy** upang makabuo ng isang **bugkós**. Ang isang **bugkós** o hugpong ng malinís na bulaklak ng walis ay halos isang daang hibla na. Gamitin ang angkop na proseso sa hawakan depende sa nais na laki.

1.2. Proseso ng paggawa ng walis tambo

Ihampas o **ilampas** ang **luwáy** sa semento o kahit anong matigas na bagay para matanggal ang mga **boyak** o bulaklak nito. Kumuha ng isang pungpong o dakot ng bulaklak ng **luwáy** na siyang gagawing walis tambo. Piliin ang angkop na karayom (**buríl** o **aguho**) sa pagtahi ng walis tambo. Itahi ang isang hugpong na **luwáy** ayong sa desinyong gusto at paran ng pagtatahi.

Idugtong ang **handol** o hawakan sa pamamagitan ng porma. Pagkatapos, maaari nang lagyan ng sticker ang walis tambo at maaari nang ibenta.



Larawan 24. Halimbawa ng *Handwood* at *Straight* na uri ng hawakan ng walis tambo

Makikita sa talahanayan ang mga terminolohiyang Iní na may kinalaman sa uri at laki ng walis tambo. Sa straight na tambo, **luwáy** ang ginagamit na hawakan habang kahoy ang ginagamit sa handwood. Parehas na maaaring **buríl** o **aguho** ang gagamiting karayom sa pagtatahi. Ayon naman sa laki ng walis tambo, buríl ang ginagamit na paraan ng pagtahi sa ordinary na walis tambo habang aguho naman sa jumbo na walis tambo. Maaaring **luwáy** o kahoy ang gamiting hawakan ng ordinary at jumbo na walis tambo. Noong mga nakaraang taon, may makina na gamit ang barangay sa paglInís ng kahoy na hawakan, ngunit kalaunan, bumalik sa dating nakagisnan na paggawa at paghuhugis ng kahoy na hawakan ng walis. May pamilya o grupo na hawakan lang na kahoy ng walis ang ginagawa at biníbili lang ito ng tingian o bultohan ng mga gumagawa ng walis.

2. Paghuli ng Bolinaw (Dilis) at ang Pagbilad dito sa Carmen, San Agustin

Pagdating sa paglambat o **pagpukot** sa **Bolinaw** o dilis, pinakakilalá ang Carmen sa San Agustin, Romblon. Ang Carmen ang isa sa may pinakamaraming huli ng **Bolinaw** marahil dahil sa anyo ng dagat nito na isang cove na ideal na breeding ground ng nasabing isda. Ang Carmen din ang may malakihang produksiyon ng bInílad na **Bolinaw** na may mataas na kalidad.

Sa ibang bayan, mayroon ding paghuli ng **Bolinaw**. Sa Cajidiocan ang bInílad na **Bolinaw** ay tinatawag nilang **Dulis**, samantalang sa Magdiwang **Dulis** ang tawag kapag sariwa. Pagdating naman sa terminolohiya ng mga binílad na isda, **Pakás** ang tawag ng Cajidiocan at San Fernando sa malalaking isda na **biníslad** o hiníwa bago ibinílad samantalang **bayoy** ang tawag sa San Agustin at Romblon, Romblon.



Larawan 25. Ang dyapang (bangkang malapad ang kasko) ang ginagamit sa panghuhuli ng Bolinao. Makikita din ang klase na lambat na ginagamit.

Talahanayan 7. Mga Impormasyon sa Paghuli ng Bolinaw (Dilis)

Pangalan	Deskripsiyon	Materyales	Buwan ng Pagproseso	Kilo/ Month na huli	Presyo	
Bolinaw	Tawag sa uri ng isda na kilala ng karamihan bilang dilis	Lambat at Dyapang (Isang uri ng bangka na malapad)	Pebrero	100-130	180-200/Kilo/ Maliliit at 150/kilo/ malalaki (daing na)	40-50/ kilo kapag sariwa

Ipinapakita sa talahanayan ang mga impormasyon tungkol sa paghuli ng **Bolinaw** (dilis). Ang **Bolinaw**, o dilis, ay kadalasang nahuhuli ng mga mangingingisda tuwing Pebrero. Kapag ito ay nabilad, umaabot sa 150 ang halaga nito kapag malalaki at P50 ang kilo at P40 kapag sariwa.

2.1.Paggawa ng Buro o Ginamos (San Fernando)

Ang ginamos ay ginagawa sa lahat ng bayan ngunit sa San Fernando ay maramihan at may mataas na kalidad ang kanilang produksiyon. Kung sa Carmen, San Agustin ang karamihan sa

huling **Bolinaw** ay binibilad upang maging dilis, sa San Fernando kalimitan ay binuburo ito upang gawing **Ginamòs**. Sa San Agustin ay may pamahiin na kapag gumawa ng ginamos dapat isang kamay lang ang gamit upang hindi bumaho ang **ginamos**. Sa Sibuyan naman, ang sikreto sa hindi pagbaho ng ginamos ay ang pagpapatuyo rito.

Sa isla ng Sibuyan, may tinatawag silang **Lunes-lunes** o ang pagburo nang madalian na kasya sa isang linggong konsumo. Paglipas ng isang lingo, dapat tanggalin ang katas na may dugo upang maiwasan ang masangsang na amoy at pangit na lasa ng binuro. Kaya ito tinawag na **lunes-lunes** dahil sa loob ng isang lingo ay pwede ng kainín ang **ginamos**. Nilinaw din na mas pInípili ang proseso ng pag-ginamos ay kailangang sa **tadyaw** na gawa sa lumad o **lunang** dahil kapag sa mga plastic nakakaapekto ito sa amoy.



Larawan 26. Mga nakaimbak na dilis sa pantalan ng Carmen, San Agustin.

Kalimitang *ratio* ng paggawa ng ginamos ay 20 kilos o isang lata na katulad ng sa minola na **Bolinaw** at 2 ½ ganta na rock salt.

Sa Magdiwang, nasa 700-1000 ang isang lata ng ginamos samantalang sa San Agustin ay 1500.



Larawan 27. Isang paraan ng pagtanta sa dami ng asin ang pagsalat sa gaspang ng butil sa isda

Nakatala sa talahanayan ang mga salitang may kinalaman sa paggawa ng ginamos. Karamihan ng mga salitang ginagamit dito ay may kinalaman sa kalidad ng produktong ginamos tulad ng **mahumot** o mabango: **mangayas-ngayas** o magaspang, **kadagko** o malaki, at **nagyuta** o lumambot.

Nakasaad sa talahanayan sa ibaba ang proseso sa paggawa ng ginamos at paghahanda ng **Bolinaw**. Mapapansing parehas na kailangan ang rock salt o asin sa paghahanda nito at parehas na kailangang iburo ang mga ito bago kaInín. Nakasaad din sa proseso ang mga materyales, sangkap at araw ng paghahanda ng mga nasabing pagkain.

Talahanayan 8. Proseso sa Paggawa ng Gamos

1. Hugasan ang isda at patuyuin sa loob ng 10-15 minuto.
2. Lagyan ng 2 ½ ganta na asin (2 ¼ kilo na asin)
3. Haluin at lamasin haggang sa madurog ang isda.
4. Ilagay sa container o garapon depende sa dami.
5. Sa loob ng 3-5 araw, kung ‘di na malansa ang amoy at tila patis na ang katas ng ginamòs, pwede nang makain ito.
6. Iwasang malansa ang ginamos dahil ito ay maalat at mapait.

Pangangaso o Pagpangayam

Kaunti na lamang ang nangangaso sa mga lugar na sakop ng pananaliksik. Tanging ang isla ng Sibuyan at ang bayan ng San Agustin ang masasabing may malagong kagubatan. Sa Sibuyan, makikita ang Bundok Guiting-Guiting na maraming mga endemikong hayop at halaman habang ang pinakamataas na bundok sa isla ng Tablas ay makikita sa San Agustin, ang Bundok Payaopao. Kaunti na lamang ang nakatuon sa pangangaso ng mga **ilahas** na hayop dahil na rin sa kaunting bilang ng mga ito at mas pinaigting na pagbabantay ng mga bantay-gubat laban sa pangangaso, lalo ng mga nanganganib nang maubos (*endangered*). Dahil dito, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga ilahas na hayop na magparami upang maibalik ang balase ng kapaligiran.

1. Pangangayam (Pangangaso)

Sa panayam na ginawa sa Lusong, San Agustin tungkol sa **pangangayam** (pangangaso), ipinaliwanag ang tradisyunal na paraan ng pangangaso at mga terminong may kinalaman dito.

Talahanayan 9. Mga terminolohiyang Iní sa pangangaso

Termino	Kahulugan
Amô	Unggoy
Áyam	Áso
Banggád	Pagkain ng mga iníhaw na insekto na poisonous upang tumapang ang áso na gamit sa pangangáso
Bangkáw	Sibát
Gapangáyam	Nangangáso
Hayò	Bayáwak
Idáng-dáng	Itapát nang bahagya sa apoy upang masunog ang mga maliliit na balahibong hindi natanggal sa paglublob sa mainit na tubig
Ilahás	Ilahás na manok
Kayodkód	Gulugód o <i>spinal cord</i>
Káti-án	Pang-ákit na lalaking manok upang salakayin ito ang sabungin ng isang ilahás na manok. Saka huhulihin o i-bibitag ang ilahás na manok.
Libáong	Bitag na may mga matulis na kawayan sa ilalim
Iláhas	Lalaking manok
Manyugod	Parte ng lungón
Sumbiling	Sibát na gámit sa pangangáso na yari sa kawayan (Gamit din ito bílang armas laban sa aswang)
Tabág	Babaeng manok na ilahás (San Agustin)
Tayúnon	Baboy-ramò
Tibáw	Paglilagay ng patibóng upang ang ilahás na manok ay mabitag
Umayók	Tumahol

Nakatala sa talahanayan sa itaas ang mga terminong Iní na may kinalaman sa pangangaso o pangangayam sa wikang Iní. Karamihan sa mga hayop na nahuhuli sa pangangaso ay bayawak o **hayó**, unggoy o **amô**, baboy-ramo o **tayunon**, at manok. Mapapansin ding may katawagan ang mga Iní para sa babae at lalaking manok. Kapansin-pansin din ang paraan ng pangangaso na tinutulungan ng aso (para sa paghahanap ng bayawak) at **libaong** o bitag na may mga kawayan sa ilalim.

Sa kasalukuyan ay hindi na ginagawa ang pangangaso dahil endangered na halos lahat ng hayop ng kalimitang hinuhuli ayon sa nakapanayam na dating mangangaso na ngayon ay isa ng bantay gubat.

2. Proseso ng Pangangaso

Para mangaso ng bayawak, magdala ng aso sa kagubatan. Ang pagtahal ng aso ay senyales na may bayawak na sa paligid at maaari nang hulihin. Hahabulin muna ng aso ang huhulihin at kapag na-corner na ito ay saka gagawa ng paraan ang mangangaso upang tapusin ang gawain sa pamamagitan ng pagtaga o pagbaril sa hinuhuling hayop.

3. Proseso ng Paghuli at Pagluto ng Tayunon

Sa San Agustin, para manghuli ng tayunon o baboy-ramo, gumawa ng **libaong**. Kapag may nahuli nang tayunon, hayaan muna at balikan kinabukasan. Itapat sa apoy para matanggal ang mga balahibo. Ipakain sa aso ang gulugod at iba pang mga buto upang makilala ng aso ang amoy ng tayunon. Maaari nang itapa ang karne ng tayunon.

Pangingisda o Pagpamunit

Bilang isang lalawigang arkipelago, isang pangunahing hanapbuhay ng mga tao ang Talahanayan 10. Terminolohiyang Iní na may Kinalaman sa *Pangulóng*

Termino	Kahulugan
Ángkla	Bákal na nagsisilbing instrumento upang maiwasang tangayin ng alon ang bóya
Bóya (Payáw)	Dito dumadapò o nangingitlog hanggang lumakì ang mga isda na inaabangan ng mga tauhan ng pangulóng para sa tinatawag na ‘pag-ariyá’ (Aggregating device)
Galayàn	Tumutukoy sa unang pagbitaw ng lambat sa pangulóng
Garutsó	Tumutukoy sa paraan ng paghíla
Habóng	Tumutukoy sa pinagkukulungan ng mga isda o palapà ng niyog na nasa ilalim ng bóya na nagsisilbing pabigat kung saan dito nangingitlog at nakatira ang mga isda
Halág	Tumutukoy sa pinakapondo ng bóya kung saan dito nakakabit ang kayakásan
Haláw	Proseso na tumutukoy sa pag-aayos ng lubid para ituhog sa <i>ring</i> ng pangulóng.
Kayakásan	Tumutukoy sa nakausling bahagi o písi kung saan dito ikinakabit o itinatali ang tinatawag na ‘habóng’
Pamatô	Mabigat na bagay na nakakabit sa habóng na nagsisilbing panimbang.
Bató	Tingga na nagsisilbing pabigat na ginagamit sa pagsara sa ilalim ng lambat sa pangulóng. Karaniwang Iníhuhulog sa lalim na 150 <i>fathoms</i> o dipa.
Pangulóng	Tawag sa bangkang ginagamit sa uri ng pangingisda kung saan ikinukulong ng lambat ang mga isda dahil sa pagtawag dito na ‘pangulóng’
Pasadsaran	Parte ng lambat sa pangulóng na nagsisilbing bulsa o <i>bunt</i> sa Ingles.
Yapák	Instrumentong pampaá na ginagamit sa pagsisid
Pamatáw	Karaniwang yari sa plastik na nagsisilbing pampalutang ng lambát.

pangingisda o **pagpamunit**. Maraming mga salitang Iní para sa iba’t ibang klase ng isda, mga parte ng lambat, mga klase ng bangka, mga iba’t ibang kagamitan sa pangingisda at pamimingwit, at pagbebenta ng mga ito. Mas ginagamit ang wikang Iní sa pangingisda dahil mas naiintindihan ito ng lahat. Isa sa mga pinakakilalang paraan ng pangingisda sa lalawigan ay **pangulóng** na

siyang kalimitang ginagawa sa bayan ng San Agustin. Makikita din ang ganitong paraan ng pangingisda sa iba pang bayan ng Romblon. Ang pangulóng ay sari-sari ang laki at haba ng lambat. May **pangulóng** sa **dilis**, sa katamtamang laki ng isda at sa mga malalaki talaga.



Larawan 41. KALASKAS o pagsasalansan ng lambat nang maayos upang maiwasan ang pagkabuhol ng lambat at anumang aksidente. Garotso naman ang hawak ng lalaki (nakapula).

Nakatala sa talahanayan sa itaas ang mga salitang may kinalaman sa **pangulóng**. Karamihan sa mga ito ay tumutukoy sa mga kagamitan sa **pangulóng** gaya ng **angkla**, **Pamatô**, **kayakásan** o nakausling bahagi na pinagkakabitang **habong**, **habong** o kulungan ng isda at **yapák** o instrumentong ginagamit sa pagsisid. Kapansin-pansin din ang laki ng bato o tingga na nagsisilbing pabigat na ginagamit sa pagsara sa ilalim ng lambat sa pangulóng. Karaniwang Iníhuhulog sa lalim na 150 *fathoms* o dipa at may bigat na 150 kilos ang isang bato.

1. Pangulóng bilang Proseso ng Pangingisda

Ang pangulóng ay isang paraan ng pangingisda kung saan kinukulong ang mga isda gamit ang lambat. Ang **pagpalawód** o pagpalaot upang mangisda ay nagsisimula sa ikatlo ng madaling araw hanggang ikawalo ng umaga. Kadalasan, umaabot sa tatlumpu't limang mga katao ang kasama sa pagpalaot.



Larawan 28. PANGULONG o Likom- tawag sa bangkang ginagamit sa uri ng pangingisda kung saan ikinukulong ng lambat ang mga isda dahil sa pagtawag dito na ‘pangulong’



Larawan 29. PAGHALÁW- ang proseso na tumutukoy sa pinakaunang mga bahaging ginagawa sa pangulong



Larawan 30. YAPÁK - instrumentong pampaa na ginagamit sa pagsisid.

Ayon sa nakapanayam, nagmula sa Mindoro ang kaalaman sa ganitong uri ng pangingisda na dala-dala ng mga naunang nagpasimula nito sa kahabaan ng dalampasigan sa Brgy. Long Beach, San Agustin. Marami ang namuhunan sa **Pangulóng** na karamihan ay tubo na sa lugar. Ang ganitong pangingisda ay parte na ng kultura ng lugar pati na ang mga wikang dala-dala ng hanapbuhay ng pangulóng.

Talahanayan 11. Terminolohiyang Iní sa mga Bahagi ng Bangka

Termino	Kahulugan
Angkla	Bakal na pondo
Bugsáy	Sagwan
Daydayan	Suporta sa lambat para hindi mahulog
Harsya	Lubid na ginagamit na pangsuporta sa bangka
Intablì	gilid na bahagi ng bangka
Kajawán	Kahoy o kawayan (mga isang dipa ang haba) na kinakabit sa magkabilang dulo ng lambat
Kaskó	Ilalim na bahagi ng bangka na gawa at inukit sa isang buong matibay na kahoy
Kátig	Dalawang malalaking kawayan sa magkabilang panig ng bangka na nagsisilbing pantimbang o suporta upang hindi tumaob ang banka.
Palò	Mahabang kawayan na kinakabitan ng layàg
Pamáyong	Unahang bahagi ng bangka
Payáw	Gamit sa pagpihit ng timón sa direksiyong gusto ng nagdadala ng bangkang de láyag. Ito ay karaniwang dalawang tali.
Pensotì	Katulad ng payaw na pampihit din ng timón sa bangkang de motor ngunit ito ay isang kawayan lang na kalimitan ay sa kanan.
Polín	Maraming bilog na kahoy na nilalagay sa ilalim o kasko nagsisilbing gulong kapag Iníaaahon ang Bangka sa dalampasigan
Sungsóng	Kahoy na ginawang pantakip sa dulo ng katig na gawa sa kawayan.

Tarík	Kawayan na kinakabitan ng katig para hindi sumayad
Timón	Rudder na kalimitan ay gawa lang sa isang manipis na bakal.

Nakatala sa talahanayan ang mga katawagan sa bahagi ng bangka. Ilan sa mga ito ay **polin** o bilog na kahoy na parang kawayan, **sungsong** o dulo ng **katig**, **timon** o kawayan na gabay sa pagtukoy ng direksyon at **bugsáy** o sagwan.

Talahanayan 12. Terminolohiyang Iní na may kinalaman sa Uri ng Bangka

Uri ng Bangka	Deskripsyon	Kagamitan
Bílong-bílong	Bangkang dalawa ang layàg	Ginagamit sa pamimingwit at pangmaramihan
Liplíp	Bangkang maliit at walang nimpo	Ginagamit sa karera ng bangka tuwing Disyembre
Pangkíhan	Bangkang walang motor	Gamit sa pangingisda
Pumpboat	Bangkang de-motor	Ginagamit sa pagbiyahe ng tawid-dagat
Baróto	Bangkang pamingwit na pang-isahan	Pamimingwit
Dayapáng/ Dyapáng	Bangkang malapad ang kasko	kargahan ng lambat. Gamit sa pangingisda.

Samantala, binanggit sa talahanayan sa itaas ang mga salitang may kinalaman sa uri ng bangka. Ang mga sumusunod ang ilan sa mga uri ng bangka sa San Fernando: **bilang-bilong** o bangkang katamtaman ang laki at dalawa ang layag, **liplip** na pang-isang tao at isa lang ang **layag**, **pangkihan** o bangkang walang motor, at **pumpboat** o bangkang ginagamit sa mga byaheng tawid-dagat at papunta ng karatig-isla.

Talahanayan 13. Terminolohiyang Iní na may Kinalaman sa Pamimingwit

Mga Uri ng Pamain	Deskripsyon	Mga Isda na Nakukuha ng mga Pain
-------------------	-------------	----------------------------------

Ibis- íbis	Makulay na pamain na gawa sa tsinelas na tila isdang maliliit	Bantalaan, malasugi at tanigue
Lambò	Balahibo ng manok na ginagamit na pamain	Kahit anong isda
Sabyòt	Páin na tila pusit na maliliit	Bolinaw at iba pang maliliit na isda
Tirilín	Makintab na uri ng pamáin na parang buhok	Bantaláan o <i>yellow fin</i>

Nabanggit sa talahanayan sa ibaba ang mga salitang may kinalaman sa paghuli ng isda sa San Fernando. Binanggit dito ang iba't ibang klase ng isda gaya ng malasugi o blue marlin at bantalaan o yellow fin. Karamihan sa mga binanggit ay mga gamit sa aktwal na paghuli ng isda. Ang yabe o simbada ay isang paraan ng pangingisda na popular kung marami ang pahuli. Isang mahabang nylon o line na mayroong maraming taga o hook. Sa simula ay hawak hawak ng mangingisda ang gitna ng taling nylon, lahat ng hook ay may pain, at inaantay na kumain ang isda. Una nitong hIníhila ang bahagi ng tali na mas maraming huli, habang kinokolekta nito ang mga isda sa isang bahagi, nakalawit naman ang kabila na may mga pain. Ang nakalawit na kabilang bahagi naman iaangat nito at ikokolekta ang mga kumagat sa pain kaya iyong kabila naman ang nakahulog sa dagat.

Talahanayan 14. Terminolohiyang Iní sa *Pamunit* o Pangingisda (San Fernando)

Termino	Kahulugan
Bantaláan	<i>Yellow Fin</i>
Bulì	Buri o pantalì sa Pamatô
Gansò	Kalawit o hook na gamit sa paghango at pagkalawit ng malalaking isda.
Kuláta	Katawan ng pána
Lawlaw	Ginagawang tuyò
Lokón-lokón	Pamáin na parang hipon ang disenyo
Lúkos	Malaking posit
Lutâ	Kumpol ng mga isda (<i>School of fish</i>)

Magkarà	Kumagat ang isda sa páin
Makinítà	Bakal na iníikot para mahíla ang lubid na nakakabit sa lambat
Malasúgi	Blue Marlin
Nasiíran	Nakità o nalaman
Odiong	Metal na may sima sa dulo
Paawóy-awóy	Pagsunod sa agos ng sulog sa láot
Paglanis	Paraan ng paghíla o pagbira sa pamain
Pamatáw	Goma na ginagamit upang lumutang ang lambat na Inílatag
Payáw	Balsa na maliit
Pilóng-pilóngan	Kahoy na pabilog na lalagyan ng pamain at hook and line. Poyunan ang tawag sa San Agustin
Pojó	parang bulsa na pinapasukan ng tubig
Saóg	Pagdaong ng bangka mula sa laot
Sáyap	Lambat na panghuli ng luta. Nakahuhuli rin ng Bolinaw o dilis
Sikpáw	Lambat na parang basket na nakatali sa kayawan.
Sirgá-sirgá	Tablang hugis isda na may nakakabit na kawil na may artificial na pain na panghuli ng isda. Híla híla ito ng mangingisda habang naglalakad sa tabi ng dalampasigan. Gamit pagkatapos ng bagyo dahil ang isda ay nasa tabi lamang ng dalampasigan.
Táan	Paglatag ng lambat sa gitna ng laot sa gabi para makarami ng huli saka babalikan kinaumagahan. Ang táan ay puwedeng pasuroy (nakaharap sa direksiyon ng <i>sea current</i>) o paaanod. Maraming uri nito ay klase ng mahuhuli depende sa laki ng mata ng lambat (o <i>mesh size</i>).
Tawtáw	Paraan ng pag-akit ng isda para kagatin ang pain
Uylóg	Panghuli ng kuyambutan o cattle fish
Yabè o Simbadà	Kabilaan na paglalaglag at paghíla ng pamain habang sakay ng bangka

Maraming uri nito ay klase ng mahuhuli depende sa laki ng mata ng lambat (o mesh size). Ang pagpili sa laki ng mata ng lambat ay nakasalalay sa klase ng isda na marami ang pahuli sa lugar. Apat hanggang lima ang nagtutulong-tulong sa paghila ng lambat.

Talahanayan 15. Terminolohiyang Iní sa Paghuli ng Isda (San Agustin)

Termino	Kahulugan
Budyóng	Ito ay mga malalaking <i>conch shell</i> na ginagamit na pantawag upang malaman kung may nahuli na at para magtawag ng bibili ng huli.
Buséro	Maninísid
Pagbubusò	Pagsisisid ng mga buséro kung saan ginagamit ang pana o gansò .
Pagsáyap	Paraan sa panghuhuli ng isda na lambat ang gamit.
Pagtáan	Inílalatag ang lambat kapag mangingisda sa gabi at babalikan naman kinabukasan.
Pamimíngwit	Paraan ng panghuhuli ng isda kung saan nilulubog sa tubig ang pamain na may pabigat gaya ng bato. Pag lumubog na iyon, hihintayin na may kumagat na isda sa pain. Kapag may kumagat na, saka gagawin ang paglanis o ang paghíla.

Nabanggit sa talahanayan sa itaas ang mga salitang may kinalaman sa paghuli ng isda sa San Agustin. Ilan sa mga ito ay **buséro** o manInísid, **budyóng** o kabibeng ginagamit na pantawag ng mga bibili ng huling isda, at **gansò** o kalawit o hook na gamit sa paghango at pagkalawit ng malalaking isda. Ang iba pang salitang binanggit ay may kinalaman na sa proseso ng paghuli gaya ng **pagbubusò** o pagsisid, pagsayap o paggamit ng lambat, **pagtáan** o pag-iwan ng lambat sa dagat, at pamimingwit.

Mapapansin na dahil nga sa pagiging arkepilagic ng lugar, mayaman ang buong tatlong isla ng Tablas, Romblon at Sibuyan sa yamang-dagat. Bunsod nito, karamihang mamamayan ay sa dagat ang hanapbuhay. Ang mga kabatáan, mayaman man o mahirap ay nakaranas mamingwit. Kung hindi man hanapbuhay, ang iba ay namimingwit bilang libangan.

2. Proseso Ng Pagtáan

Ang prosesong ito ay gumagamit ng lambat. Ilalatag sa ilalim ang lambat at babalikan makalipas ang ilang oras. Kung nasa pamataw naman malapit, aayusin ang paglatag ng lambat upang maraming makuha.

Kung maglalagay ng pabigat, ikinakabit nila ang **birador**. Kalimitan pitong dipa ang normal na lalim ng hulog sa dagat, kung medyo lumalim pa yung isda, dadagdagan mo pa ang paghulog kasi hinahabol ang isda. Kung lumagpas naman, steady na lang at itatali muna ang lambat hanggang sa tuloy tuloy na naman ang paghila pataas. Apat hanggang limang katao ang nagtutulong-tulong sa paghila ng lambat.

Talahanayan 16. Terminolohiyang Iní ng mga Kagamitan sa Pamamanà

Termino	Kahulugan
Antipára	Salaming pandagat na ginagamit sa pamamanà
Gatò (left)	Bahagi ng panà na tumutukoy sa gatilyo
Tuhugán	Nylon na ginagamit sa pagtali ng mga isdang nahuli
Pamánà	Uri ng pangingisda sa pamamagitan ng pagsisid sa ilalim ng dagat gamit ang ‘panà’
Rapák	Instrumentong pampaa o flippers na ginagamit sa pamamanà
Simà	Katulad ng isang hook na nakakabit sa dulo ng bala ng isang panà upang hindi makawala ang isda matapos tamaan.

Inilahad sa talahanayan sa itaas ang mga salitang Iní na may kinalaman sa pamamana. Ilan sa mga ito ay **antipára** o salaming pandagat, **gato** o pinaglalagyan ng gatilyo, **tuhugán** o pinaglalagyan ng nylon na ginagamit sa pagtali ng nahuling isda, **rapák** o instrumentong pampaa o flippers na ginagamit sa pamamana, at **simà** o hook sa dulong bahagi ng spear o bala ng pana.

Sa trabahong ito ayon sa isang namamanà, kailangang kumpleto ang pahinga upang malakas ang katawan at maiwasan ang anumang disgrasya.

3. Proseso ng Pamamanà

Una, kinakailangang ihanda muna ang mga kagamitang kailangan sa pamamanà katulad ng **rapák**, **antipara**, **tuhugan** at **panà**. Kapag handa na ang lahat, maaari nang magtungo sa dagat at simulan ang paninisid. Kailangang nasa kondisyon ang katawan bago **mamanà** sa umaga o sa gabi. Kadalasan, nakadepende sa season o panahon ang dami o uri ng isdang nahuhuli sa pamamamana. Kapag may nahuling mga isda, maaari na siyang itali sa **tuhugan**. Bukod sa isda, ang isang **namamanà** ay nangunguha din ng ng mga **sihe** o iba pang *mollusks*.



Larawan 31. Isang Paraan ng Pagbilad sa Bayoy.

4. Pagbáyoy o Pagdadaing

Ang pagbáyoy o pagdadaing ay isang pangunahing paraan ng pagpepreserba ng pagkain para hindi masira. Ginagawa ito upang magtabi ng mga huling isdang hindi pa agad makakain. Katulad ng paggawa ng tuyoy, ang pagdadaing ay isang hanapbuhay ng mga taga-Romblon lalot higit na isang kapuluang lalawigan ang Romblon.

Kapag nasa *peak season* ang paghuli ng isda, ibinibilad ito upang hindi masira kaagad. Ginawa na rin itong negosyo na gagawing pambenta sa panahon na mahina naman ang pahuli o kaya mahal ang isda. Ang *peak season* ng Tulingan ay Nobyembre hanggang Disyembre saka buwan ng Mayo, ang Galunggong ay Marso hanggang Hunyo at ang Tamban ay halong buong taon ngunit mas peak ito kung buwan ng Hunyo. Nangyayari ang ganitong peak season dahil spawning time ng mga isda ang mga nabanggit na mga buwan. Ang mga nabanggit na spawning

time ay maaring dito lang sa Romblon dahil iba din sa ibang rehiyon. Nakadepende sa klima ang *spawning season* kaya nag-iiba-iba din ang iskedyul ng mga ito sa ibang rehiyon.

4.1.Mga Sangkap sa Pagbayoy:

- Isda, Asin, Suka
- (kapag pambenta, asin lang. kapag may suka, *personal consumption* na)

4.2.Proseso ng Pagbayoy

Bawat bayan na sakop ng mga nagsasalita ng wikang Iní ay may kani-kaniyang paraan ng **pagbayoy** o pagdadaing ng isda. Bawat klase ng isda ay may kani-kaniyang ding paraan ng paghahanda. Ang paraan ng paghahanda, gaya ng nabanggit ay maaring pangsariling pagkain o pangkomersiyo. Mas mataas ang kalidad ng **bayoy** kung may asin at suka ngunit nangangailangan ng mas maraming oras ng pagbabad kaya kalimitan ay pansariling pagkain ang ganitong proseso ng paghahanda. Kung pangkomersiyo kalimitan ay asin lang ang sangkap dahil madali itong ihanda, mas medaling matuyo at tipid sa sangkap.

Sa bayan ng San Fernando, inisa-isa ng aming nakapanayam ang paraan ng pagbayoy sa kanilang bayan.

Una, kailangang linising mabuti ang mga isdang **ibabayoy** o idadaing. Pangalawa, biyakin o **ibislad** ang isda. Pangatlo, tanggalan ng mga lamang-loob o **tinae** ang isda. Hugasan ang mga ito nang mabuti sa tubig o dagat ng maayos. Panglima, patuyuin ng tatlo hanggang limang minuto. Pang-anim, lagyan ng asin isa-isa at ayusin ang pagkasalansan sa lagayan o banyera. Pangpito, lagyan ng kaunting suka upang hindi dapuan ng langaw. Pangwalo, hayaan ng mga ilang oras o isang buong magdamag na nakababad sa asin upang **mahantop** o sumipsip sa laman ang asin. Pangsiyam, hugasan ng madalian sa dagat bago ibilad sa araw hanggang sa matuyo. Pangsampu, kapag tuyo na, maari ng ibalot sa isang malinis na lalagyan upang maibenta.



Larawan 32. Sari-saring klase ng daing na mabibili sa palengke ng Romblon, Romblon.

Sa bayan naman ng San Agustin, ayon sa nakapanayam matapos linisin ang isda ay ibabad sa suka at tubig sa loob ng isang oras. Isang tasa ng suka at limang baso naman ng tubig ang katamtamang sukat para sa pagbibislad. Pagkatapos ng isang oras, maaari na itong ibilad sa sikat ng araw. Kapag natuyo na, tinatawag itong bayoy.

Pagtanim o Pagtanóm

Ang pagtanim sa mga lugar na sakop ng pananaliksik ay ginagawa pa, ngunit hindi ganoon ang pagtuon dito. Halimbawa sa bayan ng Romblon, mas nakatuon ang mga tao sa pagmamarmol kaya mas kakaunti ang nagtanim. Sa bayan naman ng San Agustin, may mga malalawak na kapatagang pinagtatamnan ng palay ng mga magsasaka habang umaawit ng ilang mga katutubong awitin. Nakasentro naman ang isla ng Sibuyan sa pagtanim sa mga dalisdis ng bundok dahil kalakhan ng lugar ay akma sa mga tanim dahil malamig at hindi pa nagagalaw ang mga kabundukan.



Larawan 33. Lusong na gamit sa pagbayo o pagdikdik ng upland na palay. Nakapatong ang pangkarit sa uhay ng palay kapag panahon ng anihan.

Talahanayan 17. Terminolohiyang Iní na may kinalaman sa Palay at Bigas

Termino	Kahulugan
Bigantè	Uri ng upland na bigas. Kalimitang tinatanim kapag tag-ulan (pula)
Bayó	Kahoy na ginagamit na pandikdik sa palay
Buhò	Butas ng lusong
Garáy	Uri ng upland na bigas. Tag-ulan (<i>white</i>)
Lubáng	Uri ng upland na bigas. Butil ay mahaba at manipis (pula kapag bigas na)
Gí-ok	Proseso sa paggamit ng paa sa paghiwalay ng mga butil ng palay sa tangkay
Lubók	Paraan ng paggawa ng pinípig o limbok mula sa palay
Lupók	Pagbiyak ng palay dahil sa inít
Lusóng	Gamit na kahoy sa paglubok o pagbayo ng palay
Sábag	Pagsangag sa palay
Paglubók	Pagbayo sa palay para makagawa ng pinípig
Pinongó	Uri ng <i>upland rice</i> na medyo pabilog ang butil at kulay puti kapag bigas na
Tápoy	Uri ng <i>upland</i> na bigas na kulay itim
Táhop	Paghiwalay ng ipa sa bigas gamit ang bilao
Úpa	Balat o ipa ng palay

Nakatala sa talahanayan sa itaas ang mga salitang Iní na may kinalaman sa palay at bigas. Binanggit ang iba't ibang uri ng *upland* na bigas tulad ng **bayante**, **garay**, **lubang**, **tapopoy**, at **tapoy**. Binanggit din ang ilang mga salitang may kinalaman sa proseso ng palay at bigas.

Noong panahon na hindi pa uso ang de-mákinang panggiling ng palay, **lusóng at bayô** o *pestle at mortar* ang gamit ng mga mamayan sa pagproseso ng palay o **bugás**. Pagkatapos na anihan, ihihiwalay ng magsasaka ang mga butil ng palay sa tangkay nito sa pamamagitan ng paggi-ók o pag-apak sa inaning palay.

Pagkatapos ang pagbayo ng palay sa lusong, ilalagay sa bilao ang bigas para sa **pagtahóp** o paghiwalay ng ipa o **upá** ng palay.

Ayon sa nakapanayam, ang bawat pamilya ay kalimitang may kanya-kanyang tanim na uri ng upland na bigas para sa pansariling kunsumo lamang. May pagkakataong maganda ang ani ngunit bihira itong ibenta sa palengke bagkos ginagawa ang barter at ipinagpapalit ang aning uri ng upland na bigas sa ibang uri naman kung saan sagana doon ang ibang kapitbahay.

Kahit ang paraan ng pag-aani ay katulad ng isang bayanihan kung saan iniimbitahan ang kapitbahay kung sakaling marami ang paani at magkakaroon ng **paglubók** o pagbayo sa palay para makagawa ng pinipig o **limbók**. Sinasabayan ang gawaing ito ng konting kasiyahana at kantahan habang isinasagawa ang paglilimbok.

Pangunguha ng Dugós Pulut-Pukyutan

Sa mga bayang sakop ng pananaliksik, mas kilala ang isla ng Sibuyan lalot higit ang bayan ng San Fernando sa pangunguha ng pulot-pukyutan. Malakihan ang produksiyon ng isla ng Sibuyan dahil na rin sa malawak na kagubatang sakop nito. Iníluluwas din sa probinsya ang mga pulot at nakararating pa sa ibang bansa. Sa pangunguha ng pukyutan, may mga katawagan din ang mga tao sa mga kahoy na maaaring gamiting pampausok at klase ng bubuyog at bahagi ng bahay na maaaring kuhain.

Naobserbahan din na sa bayan ng Cajidiocan, Magdiwang at San Agustin ay may mga nangunguha din ng **dugós** o pulut-pukyutan.

Pagkuha ng Dugós o Pulot-Pukyutan (Sibuyan)

Ang pagkuha ng pukyutan sa isla ng Sibuyan ay isang industriya. Maraming mga tao ang nabubuhay sa ganitong gawain at kadalasan ay Inílalabas ng Sibuyan ang mga naaning **dugós** o pulot-pukyutan. Dahil isang malawak na kagubatan ang halos 60% ng isla, ang uri ng **dugós** na nakukuha rito ay tinatawag na wild honey. Isa sa mga problemang umuusbong dito ay ang pagsulpot ng mga gumagawa ng pekeng **dugós**. Ito ay nagagawa sa pamamagitan ng pagtunaw ng asukal at Iníhahalo sa tunay na **dugós**. Dahil dito, nagmumukhang purong **dugós** ang nasa lalagyang bote kahit na hindi.



Larawan 34. Mapapansin sa agipot na tuyo ang dahon ng niyog sa dulo ngunit sariwa sa bandang hawakan.

Talahanayan 18. Terminolohiyang Iní sa pagkuha ng pulot-pukyutan (Sibuyan)

Termino	Kahulugan
Agipót	Sulo
Bayágon	baging na pantali sa kawayan
Dugós	Pulot-pukyutan o Honey
Ginápaasuhán	Pinaususukan
Púhag	Itaboy
Sug-án	Sigaan
Sundáng	Itak
Ungon	Sting ng bubuyog na naiiwan kapag ito ay nanugod ng tao
Táwo	Pukyutan
Táyhog	Paggalaw o pag-uga ng puno o anumang pinagbahayan ng pukyutan
Udlán	isang uri ng uod na makikita sa pulot-pukyutan
Urók	Kawayan na ginagamit bilang panungkit ng pukyutan

Binanggit sa talahanayan sa itaas ang mga salitang Iní sa paraan ng pagkuha ng pukyutan. Ilan sa mga ito ay **ginaurók** o pinapausukan at **sug-án** o sigaan. Samantala, binanggit din ang mga salitang may kinalaman sa pagkuha ng pukyutan gaya ng **agipot** o sulo, **bayágon** o baging na pantali sa kawayan, **dugós** o pukyutan, **puhag** o pagtaboy, **táwo** o bubuyog, **udlán** o uod na makikita sa pukyutan, at **urók** o kawayang ginagamit bilang panungkit ng pukyutan.

Talahanayan 19. Materyales at Proseso ng Pagkuha ng Pukyutan

Pangalan	Deskripsiyon	Materyales
Bahay-pukyutan	Bahay ng mga bubuyog	Balde, Tatlong Kawayan, Baging, Kulambo at pitsel

Ipinaliwanag sa talahanayan sa itaas ang proseso at materyales sa pagkuha ng pukyutan. Ang mga ginagamit ay balde, tatlong kawayan, baging, kulambo at pitsel.



Larawan 35. BAYAGON- baging na ginagamit na pantali sa urok; kadalasang makikita sa dawagan



Larawan 36. Paggawa ng agipot o sulo na gagamiting pausok upang mapaalis ang mga pukyutan

Ang proseso ng pagkuha ng pukyutan ay ang mga sumusunod: una, alamin muna kung saan ang direksiyon ng hangin; pangalawa, talian ang mga kawayan ng baging bago umakyat; pangatlo, magpausok muna sa baba na nasa isip ang direksiyon ng hangin upang ang usok mula sa baba ay patungo sa bahay-pukyutan. Tapos sa itaas naman magpapausok kung saan dala na ng aakyat ang sulo; at panglima, hintayin hanggang umalis ang mga bubuyog. Kapag wala nang **táwo** o bubuyog saka hihiwain ang bahay pukyutan sa pagkakadikit nito sa puno ay dahan dahang ilalagay sa balde.

Kapag naibaba na ang balde kung saan andon ang bahay-pukyutan, lilinisan na ito. Tatanggalin ang **omô** o mga naipong *pollen* na halamang pinagkukunan ng mga bubuyog ng *nectar*. Kapag wala ng omô ay puwede ng pigain ang bahay-pukyutan upang maikatas ang **dugós** o pulot.

Halos parehas ang ibig sabihin ng mga salitang **agipot**, **bayágon** at **urók**. Samantala, ang pukyutan ay tinatawag na **dugós** sa San Agustin at sa San Fernando. May salita ring **tayhóg** sa San Agustin na nangangahulugang pagkadistorbo sa bahay ng mga bubuyog o pukyutan.



Larawan 37. Bahay-pukyutan



Larawan 38. Bahay ng Tawo o pukyutan.

1. Proseso ng Pagkuha ng Dugós Pukyutan

Una, ihanda ang **urók** o kawayang gagamitin sa pag-urók. Kinakailangan ang mga tatlong kawayan para maisagawa ang pag-urók. Talian gamit ng **bayágon** ang mga kawayan. Pagkatapos, maaari nang akyatin ang punong kinalalagyan ng pukyutan. Pagkaakyat, simulan ang pag-**urók** at pagpapausok gamit ang **agipot** para lumayas ang mga pukyutan. Kailangang dumistansya sa puno ang taong magsasagawa ng **pag-urók** upang maiwasang makagat ng mga pukyutan.



Larawan 39. Odlan o larva ng pukyutan. Kinakain ito nang sariwa o kaya sinasangag.

Makikita sa mga larawan ang bahay-pukyutan na kalimitang nakukuha sa bayan ng San Fernando.



Larawan 40-41. Paraan ng pagpiga sa pukyutan upang makuha ang dugos o pulot.

Ang **udlân** ng larva ang linghod o maliit pa na pukyutan at ang parte ng bahay pukyutan kung saan sila pinapalaki ng mga **tawô** o pukyutan. Kabilang ang táwo sa masasabi na *exotic food*. Ginagataan ito ng mga taga San Fernando.



Larawan 42. Pagtanggap ng **Omô** o pollen.

Maingat na tinatangal ang **omô** o naipong *pollen* ng sari-saring bulaklak na makikita sa paligid ng bahay-pukyutan gaya ng *pollen* ng bulaklak ng kalabasa, naga o iba pang pinagkukuhanan ng pulot ng pukyutan.

Kinukuha ito bago ang pagpiga dahil mapait ito pag naihalo sa **dugós** o pukyutan. Mahihirapan ding dumumi ang makakakain ng pulot na nahaluan ng **omô**. Pumuputok din at nababasag ang bote na pinaglalagyan ng pulot kapag nahaluan ng **omô**, marahil dahil sa isang kemikal na reaksiyon. Ginagawa ding parang kandila ang wax o ang pinagpigaan ng pulot.

Malalaman ang pagiging puro o tunay ng isang pulot sa pamamagitan ng mga ilang paraan. Kabilang na dito ang pag-observe kung mayroong mga bula o bubbles ang pulot. Ang mga bula ang makapagsasabi kung puro ang pulot. Isa pang paraan ay ang pagsawsaw sa pulot ng isang palito ng posporo. Makalipas ang ilang sandali, ikikiskis ang palito. Kung magsisindi, tunay ang pulot at kung hindi naman ay itoy peke. Ang isang bote ng sariwa at puro na pulot ay nagkakahalaga ng 250 pesos.

Maingat at sinusundan ang proseso sa pag-harvest sa mga pulot upang maiwasan ang matusok ng mga *sting* o **ungon** ng pukyutan. Nakakaiwan ng **ungon** o *sting* ng pukyutan sa balat. Iníngatan ng nangunguha ang **matayhog** o aksidenteng magalaw ang bahay ng pukyutan.

Ang ibat-ibang uri ng *bees* ay ang **kiwót**, bungkos at kabuyay. Ang **kabuyáy** na marami sa san agustin ay may kulay berde na pulot at sinasabing mas masustansiya ito.

Likhang-Kamay

Pinakakilala ang Romblon sa mga gawang marmol, kaya ang bansag na Marble Capital of the Philippines. Malaki ang deposito ng marmol sa mga isla ng bayan ng Romblon, Romblon na Iniluluwas pa sa ibat ibang bahagi ng bansa maging sa labas ng bansa. Maraming mga likhang-kamay ang nakatuon sa mga produktong gawa sa marmol bagaman may ilang mga ibang likhang kamay gaya ng nito (bilao) at salakot.



Larawan 43. Maso- malaking martilyo, konya at hampil na ginagamit sa pagtipak ng marmol

Taong 1937 nang unang masuri at makumpirma ang mataas na kalidad at potensyal ng industriya ng marmol sa panunungkulan ni Gob. Jose S. Perez. Dekada 70 naman nang mamayagpag ang industriya ng marmol dahil sa kompanyang FILMARCO. Sa ngayon, hindi na gaanong malakas ang indusriya ng pagmamarmol dahil sa hamon ng mas murang *China-made tiles* at iba pang salik.

1. Pagmamarmol

1.1.Industriya ng Pagmamarbol o Pagmamarmol

Pagmamamarmol ang pangunahing pagkakakilanlan ng Romblon bilang isang lalawigan, bukod pa sa bagyo at lugar kung saan maraming lumulubog na barko. Ngunit ang industriya ng pagmamarmol ay matatagpuan lamang sa kabisera ng lalawigan, ang bayan ng Romblon, Romblon. Dito, halos karaniwan nang makakita ng kahit anong likhang-kamay na marmol sa kalsada o mga maliliit na piraso nito. Mula sa tradisyunal na pagmamarmol, naging makabago na ang mga kagamitan dito at halos karamihan ay gumagamit na ng makina upang mas mapadali

ang pagproseso ng marmol. Sinasabing ang deposito ng marmol ng Romblon ay maikukumpara sa marmol ng Italya.

Ang ilan sa mga salitang Iní tungkol sa paraan at kagamitan sa pagmamarmol ay bareta o bakal na panghukay ng bloke sa lupa, **gradena** o kagamitan para pakinísin ang marmol, **hampil** o manipis na kwadradong metal, kalimitan ay apat, tigdalawa sa kabilaan ng **konya**. Ayon sa bloketista o nagbobloke, naiiwasan ang pagtalsik ng **konya** habang itoy minamaso pabaon sa bitak na una nang ginawa mula sa **supàt** ng marmol. Naiiwasan din ang pagkaipit ng **konya** kung sakaling sisikip na ito sa bitak. Ang paggamit ng hampil ang pinaka-epektibong paraan ng paggayat ng marmol sa mismong minahan maliban sa paggamit ng sophistikadong makina. Ang **konya** naman ay isang solid na bakal na nagsisilbing wedge upang lumaki ang bitak hanggang sa mahati ang marmol o maihugis ito sa isang bloke.



Larawan 44. Graba – mas maliit na marmol kaysa robols. Ito ay tinitiltil ng mga kababaihan at ibinebenta ng tig sampung piso bawat sako. Ginagamit ang mga graba sa mga riprap o kalsada bilang pamalit sa karaniwang graba.



Larawan 45. Limpa-reject na robols na ginagawang graba

Proseso ng Pagmamarmol

- I. Butasan ang **blokè**, kung sakaling ang marmol ay nakabaon pa sa lupa gamitan ito ng bareta upang makuha ang parteng nakabaon sa lupa ang tawag dito ay **pag-akad**.
- II. Pagkatapos butasan, pasakan ito ng **konyá** saka pukpokin, habang pinupokpok ang marmol magkakaroon ito ng crack (**Tarorò** ang tawag sa crack na pagsisimulan ng pagbitak ng blokete at **pagtarorò** naman ang tawag sa proseso).
- III. Ang pagtaroro o pagbitak sa bloke ay dapat nasa mismong gitna ang marmol.
- IV. Kapag nahati na ang ang bloke sa gitna, hahatiin mo na naman ito **papabor** (papabor ay ang **paayon** sa hibla ng marmol ang **pagpukpok** katulad ng sa gilid ng bloke para mahati ito sa mas maliit na bahagi).
- V. Pagkatapos hatiin mo ito sa mas maliit na bahagi hatiin mo ito pautod para makabuo ng **robols** o **limpá** o sa mas maliit na bahagi.

Talahanayan 20. Terminolohiyang Iní sa Laki at Sukat ng Marmol

Laki ng Marmol	Deskripsiyon	Gamit
Bloketè	Malalaking tipak ng marmol na kadalasang hinahati sa <i>quarry sites</i>	Pinoproceso upang gawing likhang-kamay gaya ng <i>figurines</i> , <i>tiles</i> , <i>ballusters</i> atbp.
Róbols	Mas maliliit na piraso ng marmol na biníyak mula sa mga bloke. Mula sa Ingles na “ <i>rubbles</i> ” o maliliit na bato. Nakukuha ito mula pa lang sa pag-aakad.	Pinoproceso upang gawing likhang-kamay gaya ng <i>figurines</i> at riprap
Grába	Mas maliit na marmol kaysa robols	Ginagamit ang graba panghalo sa semento o pagawa ng kalsada bilang pamalit sa karaniwang graba
Limpá	<i>Reject</i> o di na magagamit na robols na ginagawang graba, mas maliit sa robols na mas malaki ng kaunti sa graba	Mga marmol na hindi na magagamit bilang mga souvenir items. Tinítil ito para gawing graba at riprap.

Binabanggit sa talahanayan sa itaas ang ibat ibang laki ng marmol. Pinakamalaki ang blokete na hinahati pa sa mga quarry. Sunod ay **robols** na galing sa salitang *rubbles* habang ginagamit naman ang graba para sa mga **riprap** o kalsada at pamalit sa natural na grabang ginagamit. Samantala, pinakamaliit ang **limpa** o mga hindi tinanggap para sa ibang likhang-kamay.



Figure 46. Bloke – malalaking tipak ng marmol na kadalasang hinahati sa mga quarry sites

Talahanayan 21. Terminolohiyang Iní sa iba pang mga gawaing may kinalaman sa pagmamarmol

Termino	Kahulugan
Ákad	Paghukay ng mga nakabaon na marmol
Andámyo	malapad na tabla na ginawang tulay ng mga bloketè paakyat sa <i>hauling truck</i> .
Ginabirà	HIníhila
Gináhigot	Tinataali
Ginuláng	Natagalan (nanloloko sa pamamagitan ng mabagal o tinatagalan ang pagawa)
Kugúson	Kargahin
Kutád	Pagpipiraso sa mga marmol
Mabúho	Butasan
Maghugot	Maghigpit
Pagbíbit	Paghawak
Paggáyat	processing stage o pagproseso sa marmol (pagpira-piraso o paghiwa ng bloketè sa pamamagitan ng <i>marble cutting machine</i> para gawing <i>tiles</i> , <i>ballusters</i> at lapida)
Papabór	Pagpukpok ng paayon sa hibla ng marmol na kalimitan ay sa gilid ng bloke para mahati ito sa mas maliit na bahagi
Pautód	Pagpukpok na pahati na hindi ayon sa hibla ng marmol sa gilid ng bloke para mahati ito sa mas maliit na bahagi
Pukóyon	Pukpukin
Tarorò	Tawag sa <i>crack</i> o lamat na nabuo sa pagpukpok sa marmol. Ito ang lamat na nagmula natural na kahinaan ng marmol, ang supat o grains nito.

Nakatala sa talahanayan sa itaas ang mga salitang Iní na may kinalaman pa sa pagmamarmol. Karaniwan dito ay proseso ng pagbiyak ng marmol gaya ng paggayat o pagproseso ng marmol, **papabor** o pagpukpok sa gilid ng bloke, **pautod** o paghati sa gilid ng bloke para hatiin sa mas maliit na parte. Samantala, maraming salitang may kinalaman sa pagmamarmol gaya ng **ákad** o paghuhukay ng nakabaong marmol, **kutád** o pagpiraso sa marmol, at **tarorò** o crack sa pagpukpok sa marmol. Ang pag-**aakad** o mano-manong paghuhukay sa nakabaong marmol ay ay umaabot ng isang araw hanggang isang lingo

Samantala, upang ipakilala ang buhay ng isang blokedor, isang kanta ang ginawa ni Jun



Larawan 47. Robols – mas maliliit na piraso ng marmol na biniyak mula sa mga bloke. Galing ang robols sa Ingles na *rubbles* o maliliit na bato.

Mariño, isang konsehal ng bayan ng Romblon.



Larawan 48. Sa isang *makeshift* na kubol kalimitang nagtititil ng marmol ang mga kababaihan upang makadagdag ng kita sa pamilya. Karamihan sa kanila ay asawa o kamag-anak ng nagboblakete.

Blokedor (Unang Bahagi)

Ni Jun Mariño

Pagbati sa aga, matimpla ning kape (Paggising sa umaga, magtitimpla ng kape)
Makadto sa dyaag kag magpungko-pungko (Pupunta sa bakuran at uupo-upo)
Himason ang balaw nga akon hInígtan (Hihimasin ang manok na aking tinalian)
Suga sigarilyo kag maghingal-hingal (Magsisindi ng sigarilyo at bubuga-buga)
Paghayag ng adlaw , ako ay maligos (Pagliwanag ng araw, akoy maliligo na)
Makadto sa bobon daya ang pagsayok (Pupunta sa tuburan, dala ang pang-igib)
Pagtapos pamahaw, piyak nga binudbod (Pagkatapos mag-agahan, piyak na binudbod)
Mahakid ning bayon kuy dako nga kan-on (Magtatakal ng baon ko maraming kanin)

Koro

Blokedor, blokedor ang tawag sa akon (Blokedor, blokedor ang tawag sa akin)
Blokedor, blokedor pangabuhian ko (Blokedor, blokedor ang hanapbuhay ko)
Blokedor ng marmol (Blokedor ng Marmol)
Ang kaibahan koy sinsil kag masulito (Ang kasama ko ay sinsil at maliit na maso)
Blokedor, blokedor ang tawag sa akon (Blokedor, blokedor ang tawag sa akin)
Blokedor, blokedor pangabuhian ko (Blokedor, blokedor ang hanapbuhay ko)
Blokedor ng marmol (Blokedor ng marmol)

Ang kaibahan koy sinsil kag masulito (Ang kasama ko ay sinsil at maliit na maso)
Makadto na kita sa amon pabrika (Punta na tayo sa aming pabrika)
Ang tawag namon dre ay quarry (Ang tawag naming dito ay quarry)
Sige ang pinuypog, nagahabyog-habyog (Sige ang pagpukpok, naunday-unday pa)
May nagataripa galabay ning kunya (May naghahati may pumupokpok ng konya)
May nagasininsil , waya timok-timok (May nasinsil, walang Sali-salita)
Kay ang mga tamad maayo ang huyagok (May tamad at magaling pa humilik)
Pagbuak ng bato, nagasinggit-singgit (Pagbiyak ng bato, pasigaw-sigaw pa)
Maayo ang ngilit kay makapasa gid (Maganda ang ngiti dahil makakapasa talaga)
Pag-abot ng Sabado, malipay ang tanan (Pagdating ng sabado, masaya ang lahat)
Kay mabaton ning sweldo (Kasi tatanggap nan g sahod)
Naka-ispusing na ang akon pamorma (naka-suot ng magarang damit, nakaporma)
Ubos ang pahumot na inutang sa Natasha (Ubos ang pabango na inutang sa Natasha)
Daw bida sa banwa ang blokedor gida (Parang bida sa bayan ang blokedor talaga)
Kay ang ginainom puro ning serbesa (Kasi ang iniinom ay puro serbesa)
Abaw nga kabayong Iní nga tawhana (Sobrang lasing na itong tao)
Nayukyok sa bangko, ang laway natuyo (Nakatulog na sa upuan, ang laway ay natulo)

Ulitin ang Koro

Ang kaibahan koy sinsil kag masulito (Ang kasama ko ay sinsil at maliit na maso)
Pagsampot sang Lunes balik sa trabaho (Pagdating ng lunes balik sa trabaho)
Mabitbit ning sinsil kag martilyo (Magbibitbit ng sinsil at martilyo)
Maluya ang lawas kay nag-abusado (Mahina ang katawan kasi abusado)

Naubos ang kwarta may utang pa sa kasa (Naubos ang pera may utang pa sa casa)
 Diin baya Iní ang akon salida (Saan kaya nito ang aking punta)
 Daw kihuga gida ang ya kwarta (Sobrang hirap talaga kung walang pera)
 Ang akon ning rason (Ang aking dahilan)
 Sultero pa da sa arinyan nga panahon (Binata pa naman sa panahon ngayon)
 Ugaling kung umabot ang tiyempo (Saka na lang kung dumating na ang panahon)
 Mangaluyag ako, pauno pauno (Manliligaw ako, kahit paano-ano lang)
 Oh, akon amigo nga dre estranghero (Oh, aking kaibigan na isang estranghero)
 Kutob diri na lang ang akon istorya (Hanggang dito nalang ang aking kwento)
 Pananglit ugaling liwat magsumpungaan (Saka na nalang ulit kapag nagkasalubong)
 Ang akon nga istorya (Ang aking kwento)
 Akon nga sugdungan (Aking dudugtungan)
 Ayaw nga limuti, ang imo nga kumpare (Huwag kalimutan itong iyong kumpare)
 Nagapyupanihoy kag magkape-kape (Pasipol-sipol at nagkakape)

Ulitin ang Koro

Ang akon produkto (Ang aking produkto)
 Blokete nga plantsado. (Blokete na plantsado.)



Larawan 49. Sampung piso ang halaga ng isang sako na natiltil na robols. Lima hanggang sampung sako ang kayang matiltil ng isang babae. Ang mahirap daw ayon sa kanila ay ang pagbuhat ng halos 50 metro sa tipak ng marmol mula sa *quarry site* na tungo sa kubol.

2. Paglayá ng Banig

Ang **paglayá** ng banig ay isang karaniwang hanapbuhay ng mga taga-Silangang bahagi ng isla ng Romblon, partikular sa mga barangay ng Li-o, at Guimpingan. Karaniwang mga

kababaihan ang mga **naglalayá** ng banig, dahil ang mga kalalakihan ay nagtatrabaho sa mga pagawaan ng mga likhang-kamay na marmol o sa mga minahan nito. Pinipili rin nang maayos ang mga **bulí** na ginagamit sa paglayá at karaniwang ginagawa ang mga ito ng tag-araw dahil ibiníbilad ang mga **nilíkid** na **bulí**.

Ang industriyang ito ay nanganganib mawala dahil karamihan ng mga naglalayá ay mga matatanda na habang ang mga kabataan ay nagkakaroon ng pagkakataong mag-aral sa bayan at magkaroon ng ibang trabaho.

Talahanayan 22. Terminong Iní na may kinalaman sa Paglayá ng Banig

Termino	Kahulugan
Bangánan	Ginagamit kapag doble ang buli na lilílasin.
Baskarón	Tatanggalin ang buli sa pagkakagawa upang ayusin.
Bulí	Klase ng halamang ginagamit sa paggawa ng banig.
Buntayón	Tanggalin o gayatin ang dahon buli mula sa kógong o tingting.
Hayát	Maluwag na pagkakasarado ng buli sa ginagawang banig.
Kógong	Tinatawag na tingting sa Filipino, ito ang pinagkukunan ng buli. Ginagamit din ito na tali sa pawid. May kasarian ang kógong: ang babaeng kógong ay mayumhok o malambot na uri ng buli at malubay o madaling mabaluktot ngunit hindi nasisira; at lalaking kógong na madakmoy o matigas na uri ng buli.
Kuyhád	Pag-ani o pagtanggal ng dahon mula sa puno ng buli.
Líkid	Pagrolyo ng tuyong dahon ng buli pagkatapos lílasin.
Lílas	Pagtahi ng buli para gawing banig.
Sábat	Parte ng banig na may kulay.
Sápay	Paglock o pagsara sa banig na ginagawa.
Sápayón	Tawag sa banig na may disenyo, karaniwang pula ang ginagamit.
Sipóy	Maliit na kutsilyo na ginagamit sa paglílas.
Tigò	Marunong, maalam sa isang partikular na bagay.
Tinagsâ	Tawag sa banig na may kulay

2.1. Proseso ng Paglayá ng Banig

Una, kumuha ng **bulí** na gagamitin sa paglayá. Tapos ay **ilíkid** o irolyo ang mga **bulí** na kinuha sa kógong. Tapos ay ilílas ang **bulí**. Pagkagawa ng mga **lilas** ayon sa ibig na lapad, maaari nang maglayá. Maaaring maglagay ng **sabát** o disenyo ng banig. Kung may bahaging **hayát** o maluwag, maaaring ayusin ang parteng **hayát**. Pagkatapos ay isápay o isasara na ang banig na ginagawa.



Larawan 50. Isang maliit na kubo sa gilid ng bahay na ginawa upang maging imbakan na materyales sa paggawa ng banig. Ito na rin ang kwarto na nagsisilbing gawaan ng banig. Nasa gitna ng larawan ang nakabilot o naka-likid na buli

May dalawang baryasyon ng paglayá ng banig sa mga bayang nagsasalita ng Iní. Sa San Agustin at Romblon, ibibilad muna ang **bulí** bago **ilíkid** habang sa mga taga-Sibuyan ay maaari nang kulayán bago ibilad at **ilíkid**.

Umaabot ng isang araw ang paglayá ng maliit na banig, habang hanggang dalawang araw naman ang banig na tinagsa. Ang maliit na banig ay karaniwang may sukat na 40 x 60 pulgada. Maaaring ibenta ng P40 ang karaniwang banig habang P60 naman ang **tinagsa**. Ipinagbibili ang banig sa bayan sa palengke o di kayay kinukuha ng bultuhan ang mga nagbebenta nito.

3. *Paglayá* ng Kayò o Salakot

Ang paggawa ng **kayò** o salakot ay isa sa pangunahing kabuhayan ng mga taga-Barangay Agnipa, Romblon. Karamihan sa mga pamilya rito ay gumagawa ng mga **kayò** para pagkakitaan. Ang **kayò** ay ginagamit ng mga tao sa lokal na kabuhayan o maaaring gawing palamuti o dekorasyon.

Talahanayan 23. Terminong Iní na may kinalaman sa mga bahagi ng Salakot o kayò

Termino	Kahulugan
Kayò	uri ng tradisyonal na sumbrerong ginagamit ng mga tao sa lokal na pangkabuhayan at kung minsa'y ginagamit na palamuti o dekorasyon; tinatawag na 'kayò' sa lokal na katawagan o terminolohiya
Bulì	'strips' ng pinatuyong mga dahon ng buli o di kaya'y nito na ginagamit sa paghabi ng banig at salakot
Tinaè	pinakalaman o bituka ng nito na kinukuha o Iní-extract sa pinakakatawan nito
Kayaskás	nitò na may tatlong 'buak' o hati
Pális	nito na hinulmang bilog katulad ng singsing na ginagawang pinaka-handle o pabitin ng 'kayò'
Bayawbáw	pinabilog na kawayang pinagkakabit na nahulip o nilalang buli na makikita sa pinakalabas na bahagi ng 'kayò'
Tubò-tubò	tawag sa pinakatuktok na bahagi ng salakot

Talahanayan 24. Mga Termino na may kinalaman sa proseso sa paggawa ng Salakot o Kayò

Termino	Kahulugan
Paglílás	o pagtanggap ng kugong o pinakabackbone ng dahon ng buli at ang natitira ay ang dahon lamang; proseso na isinasagawa bago ang paglayá. Ang tuyong nilílas na dahon ng buli ang gagamitin ngayon sa ikalawang hakbang ang
Pagláyá	o proseso ng paghabi ng banig na Iníhuhugis na salakot. Kapag hugis salakot na ang nilayá o hinabing parang maliit na kwadrang banig, isusunod na ang pangatlong hakbang, ang
Paghulíp	. Ang paghulip ay proseso ng pagkakabit o paglalagay ng nito (na maaaring kulay puti o itim) sa salakot o kayò . Ang nitò ay hahatiin ay palalaparin upang maihulip o maihabi sa nagawa ng banig ng na hugis kayò. Nagsisilbi itong palamuti at pampatibay na rin ng salakot. Ikaapat na proseso ay ang
Pagsápay	o paraan ng paglock o pagsara ng pinakadulong bahagi ng nilílas o hinabing buli para maiwasan ang tinatawag na <i>pagbaskad</i> o pagtanggap ng pagkahabi. Ang pinakahuling proseso ay ang
Katudlán	na tawag sa proseso ng pagtahi ng kalaskas.

4. Proseso sa Paggawa ng Salakot o Kayò:

Mula sa **bulí**, ang unang proseso ay ang paglílás bago sundan ng paglayá o ang proseso ng paghahabi ng **kayò**. Para maiwasan ang **pagbaskad** ng **bulí**, mayroong prosesong tinatawag

na **pagsápay** o ang paglock o pagsara ng pinakadulong bahagi ng nilalang **bulí**. Pagkatapos, isusunod na ang **paghulip** o ang pagkakabit ng nito (na maaaring kulay puti o itim) sa nilalang **bulí**. Sa paghati o **pagbuak** ng nito, kinakailangang kunin ang pinakabituka o tinae nito. Isusunod ang pagkakabit ng kawayang pinabilog sa nilalang **kayò** na tinatawag na **bayawbáw**. Pagkatapos nito, ikakabit na ang **palis** o nito na hinulmang bilog katulad ng singsing na ginagawang pinakahandle o pabitin ng **kayò**. Ang mga karaniwang bahagi ng **kayò** o salakot ay ang **bulí** o strips ng pinatuyong mga dahon ng **bulí** o di kaya ay **nitô** na ginagamit sa paghabi ng banig at salakot. Mayroon ding **kayaskás** o **nitô** na may tatlong buak o hati gayundin ang palis na nabanggit sa itaas. Bilang karagdagan, mayroon ding **bayawbaw** o pinabilog na kawayang pinagkakabit na nahulip o nilalang **bulí** na makikita sa pinakalabas na bahagi ng **kayò** at ang tubo-tubo na tawag sa pinakatuktok na bahagi ng salakot. Ang produktong **kayò** ay ibinebenta sa lokal na pamayanan at ini-export din. Karaniwan, ibinebenta ang isang pirasong **kayò** sa halagang Php 65.00. Sa loob ng isang araw, nakakayari sila ng tatlong salakot na nagsisilbing pangunahing pinakukunan ng ikabubuhay ng mga gumagawa nito. Kadalasan, nakukuha lamang sa lokal na paligid ang mga nitò na ginagamit sa paggawa ng **kayò** pero bumibili rin naman sila kung minsan.

Likas Yaman/Hanapbuhay

Ang isla ng Sibuyan ang sinasabing “Galapagos ng Asya” dahil na rin sa mayamang biodibersidad nito. Maraming mga halaman at hayop na rito lamang makikita. Ang Mt. Guiting-Guiting ay sakop ng Brgy. Taclobo at Espana.



Larawan 52. Kayò o salakot na gawa sa Agnipa, Romblon.

Dagdag pa rito, likas na yaman nang maituturing ng Romblon ang marmol na siya nang identidad ng lalawigan. Laging ginagamit ang mga ito bilang *souvenir* ng mga turista.

1. Bundok Guiting-Guiting

Ang Bundok Guiting-guiting ay isang Pambansang Parke alinsunod sa Proklamasyon Blg. 746 noong Pebrero 20, 1996 na nilagdaan ni Pangulong Fidel V. Ramos. Ang parke ay makikita sa isla ng Sibuyan. May sukat itong 28 km. sa pinakamalawak na bahagi mula sa silangan pakanluran, at 24 km. mula hilaga hanggang timog. Ang buong isla ng Sibuyan ay tinatayang may lawak na 45,600 ha.

Higit sa kalahati ng isla ng Sibuyan ay kagubatan. Ayon sa mga naunang pag-aaral ng DENR, tinatayang ang forest density ng isla ay 1,551 puno bawat hektarya. May mga bahagi rin itong bakawán, kapatagan, at damuhan.

Kabilang rin sa sakop ng parke ang Bundok Nailog na may taas na 789 metro.

Mayaman sa likas na yaman ang isla ng Sibuyan, partikular ang Bundok Guiting-Guiting. Tinatayang mayroong 700 vascular na halaman sa isla, kung saan 54 sa mga uring ito ay endemic o sa isla lamang matatagpuan. Ilan sa mga ito ang *Nepenthes sibuyanensis* J Nerz (*Sibuyan Pitcher Plant*); *Heterospathes sibuyanensis* Becc. (Bil-is); *Pinanga sibuyanensis* Becc. (Tibañgan), *Orania palindan* var. *sibuyanensis* (isang ligaw na palma); *Alpinia sibuyanensis*, *Phyllanthus sibuyanensis*, *Cyathea sibuyanensis* Copel (*Tree fern*); *Agamyla sibuyanensis* Hilliard & BL Burt (*Sibuyan lipstick plant*); *Myrmecophytum beccarii* Elmer (*Sibuyan ant plant*); at *Begonia gitingensis* Elmer (*Guiting-Guiting begonia*). 180 uri sa mga ito ay makikita rin sa ibang bahagi ng bansa.

Samantala, aabot sa 130 uri ng ibon naman ang makikita sa Sibuyan, 102 sa mga ito ay kilalá bilang nagpaparami sa isla. Ilan sa mga ito ay *Cinnamon Bittern-Lapay* (*Ixobrychus cinnamomeus*), *Celestial Monarch* (*Hyphothymis coelestis*), *Striated Grassbird* (*Megalurus palustris forbesi*), *Rufous-lored Kingfisher* (*Halcyon winchelli nesydrionetes*), *Pygmy Swiftlet* (*Collocalia troglodytes*), at *Philippine Hawk-Eagle* (*Spizaetus philippensis*).

Makakakita rin sa Sibuyan ng siyam (9) na uri ng panlupang hayop na nagpapasuso o *terrestrial mammals*, kung saan apat sa mga ito ay *endemic*. Ito ay ang: *Greater Sibuyan forest mouse* (*Apomys* sp. B), *Lesser Sibuyan forest mouse* (*Apomys* sp. C), *Sibuyan striped shrew-rat* (*Chrotomys* sp. A), at *Sibuyan giant moss mouse* (*Tarsomys* sp. A).

Sa siyam na uri ng paniki sa isla, isa sa ito ang *endemic*: ang *Sibuyan Pygmy fruit bat* (*Haplonycteris* sp. A).

Nakapagtala na rin ng isang uri ng ahas na tinuturing na *rare* o bihira. Ito ang *wart snake* o *Philippine Dryophiops* (*Dryophiops philippina*) na tanging sa Luzon, Mindoro, Negros at Sibuyan lamang makikita.

Mayroon ding siyam (9) na naitalang uri ng butiki at tukó na bihira at *endemic*. Isa sa ito ang *Romblon narrow-disked Gecko* (*Gekko romblon*) na makikita lamang sa Tablas at Sibuyan at ang *Quadrass' Flying Lizard* (*Draco quadrasi*).

2. Ginablan Wildlife, Mangrove, and Bird Sanctuary

Samantala, makikita sa Brgy. Ginablan sa bayan ng Romblon, Romblon ang Ginablan Wildlife, Mangrove, and Bird Sanctuary. Ang sanktwaryong ito ay tahanan ng iba't ibang mga ibon at ng endemic na bibé, ang pato del mar. Dito ay inaalagaan ang mga pato del mar at ipinagbabawal ang panghuhuli nito at pagkain.

Talahanayan 25. Mga lokal at migratory na ibon na matatagpuan sa Ginablan Wildlife, Mangrove and Bird Sanctuary

ENGLISH NAME	SCIENTIFIC NAME	LOCAL NAME
<i>Purple Heron</i>	<i>Ardea purpurea</i>	Dugwák, Bakáw
<i>Great Egret</i>	<i>Casmerodius Albus</i>	Tug-túg, tagák, Taguyábong
<i>Pacific Reef-Egret</i>	<i>Egretta Sacra</i>	Lapáy
<i>Intermediate Egret</i>	<i>Mesophoyx intermedia</i>	Tug-túg, Tagák, Taguyábong
<i>Little Egret</i>	<i>Egretta garzetta</i>	Tug-túg, tagák, Taguyábong
<i>Striated Heron</i>	<i>Butorides striata</i>	Lapáy
<i>Cattle Egret</i>	<i>Bubulcus ibis</i>	Tug-túg, Tagák, Taguyábong
<i>Cinnamon Bittern</i>	<i>Ixobrychus cinnamomeus</i>	Lapáy
<i>Philippine Duck</i>	<i>Anas luzonica</i>	Páto del Mar
<i>Brahminy Kite</i>	<i>Haliastur indus</i>	Banóg
<i>Grey-faced Buzzard</i>	<i>Butastus indicus</i>	Aguila, Tik-we, Hikáp
<i>Crested serpent-Eagle</i>	<i>Spilornis cheela</i>	Aguila
<i>Barred Rail</i>	<i>Gallirallus torquatus</i>	Tiklín
<i>White-Browed Crake</i>	<i>Porzana cinerea</i>	Kiao-Kiao
<i>Greater Painted Snipe</i>	<i>Rostratula benghalensis</i>	Iyukmo
<i>Grey-Tailed Tattler</i>	<i>Heteroscelus brevipes</i>	Ayud-Ayud
<i>Whiskered Tern</i>	<i>Chlidonias hybrida</i>	Tayá-tayá
<i>Pink-Necked Green-Pigeon</i>	<i>Treron vernans</i>	Punáy, Kalapáti
<i>Black-Chinned Fruit-Dove</i>	<i>Ptilinopus lenclancheri</i>	Dun-Dunáy
<i>Philippine Cuckoo-Dove</i>	<i>Macropygia tenuirostris</i>	Korpús, Alimolón
<i>Island Collared-Dove</i>	<i>Streptopelia bitorquata</i>	Punáy, Kalapáti
<i>Spotted Dove</i>	<i>Stigmatopelia chinesis</i>	Punáy, Kalapáti, Tukmò
<i>Zebra Dove</i>	<i>Geopelia striata</i>	Kurò-kurò, Kuroputòk
<i>Emerald Dove</i>	<i>Chalcophaps indica</i>	Punáy, Kalapáti, Manátad
<i>Blue-Naped Parrot</i>	<i>Tanygnathus lucionensis</i>	Picóy
<i>Philippine Hanging-Parrot</i>	<i>Loriculus philippensis</i>	Kusi
<i>Asian Koel</i>	<i>Eudynamys scolopaceus</i>	Baháw
<i>Philippine Coucal</i>	<i>Centropus viridis</i>	Kokúk
<i>Mantanani Scops-Owl</i>	<i>Otus mantananensis</i>	Búkaw

<i>Philippine Nightjar</i>	<i>Caprimulgus manillensis</i>	Tak-Táro
<i>Glossy Swiflet</i>	<i>Callocalia esculenta</i>	Balinsasayáw
<i>Common Kingfisher</i>	<i>Alcedo atthis</i>	Tangkali
<i>Rudy Kingfisher</i>	<i>Halcyon coromanda</i>	None
<i>Collared Kingfisher</i>	<i>Todiramphus chloris</i>	Tangkali
<i>Coppersmith Barbet</i>	<i>Megalaima haemacephala</i>	Pok-pók, Tuk-túk
<i>Red-Bellied Pitta</i>	<i>Pitta erythrogaster</i>	Yokóng
<i>Pacific Swallow</i>	<i>Hirundo tahitica</i>	Balinsasayáw
<i>Black –Naped Oriole</i>	<i>Oriolus chinensis</i>	Kilyáw
<i>Large-Billed Crow</i>	<i>Corvus macrorhynchos</i>	Uwák
<i>Oriental Magpie-Robin</i>	<i>Copsychus saularis</i>	Líloy
<i>Blue Rock-Thrush</i>	<i>Monticola solitarius</i>	Solitariyo
<i>Golden-Bellied Gerygone</i>	<i>Gerygone sulphurea</i>	Pípit
<i>Grey-Streaked Flycatcher</i>	<i>Muscicapa griseisticta</i>	Erít-Erít
<i>Mangrove Blue-Flycatcher</i>	<i>Cyornis rufigastra</i>	Kamintígon
<i>Pied Fantail</i>	<i>Rhipidura javanica</i>	Tagutiyót
<i>White-Breasted Wood-Swallow</i>	<i>Artamus leucorhynchus</i>	Gít-Gít
<i>Brown Shrike</i>	<i>Lanius cristatus</i>	Erít-Erít
<i>Asian Glossy Starling</i>	<i>Aplonis panayensis</i>	Dalisyang
<i>Coletó</i>	<i>Sarcops calvus</i>	Sal-íng
<i>Olive-Backed Sunbird</i>	<i>NectarInía jugularis</i>	Tamsí
<i>Purple-Throated Sunbird</i>	<i>NectarInía sperata</i>	Tamsí
<i>Orange-Bellied Flowerpecker</i>	<i>Dicaeum trigonostigma</i>	Tíkby
<i>Pygmy Flowerpecker</i>	<i>Dicaeum pygmaeum</i>	Panagóto, Pípit
<i>Eurasian Tree Sparrow</i>	<i>Passer montanus</i>	Máyang Báhay
<i>White-Bellied Munia</i>	<i>Lonchura leucogastra</i>	Máya
<i>Chestnut Munia</i>	<i>Lonchura atricapilla</i>	Máya

VII. MATERYAL AT DI-MATERYAL NA TRADISYON

Siníng

Sa larangan ng sining, maraming likhang kamay na sikat sa bayan katulad ng kawayan, **nitô** at **huwág** na siyang hilaw na kagamitan (*raw material*) sa paggawa ng pinggang **nitô**, buslo at bilao.

Kasama rin ang **sarsa** sa nangungunang produktong katutubo na inaangkat mula sa bayan. Limitado lamang ang kilala na gumagawa nito sa kadahilanang nangangailangan ito ng hipong tabang na kadalasan ay nakikita lamang sa ilog, at nahuhuli sa pamamagitan ng **panulô** (pag-iilaw).

Dilis ang isa sa mga nangungunang produkto sa bayan ng San Agustin, lalo na sa Barangay Carmen. Dito nagmumula ang iba't-ibang *varayti* ng dilis na bukas para sa pantahanang pangkunsumo at panlabas na gamit katulad ng pasalubong at pang-eksport.

Kasama sa tradisyon ng mga taga-San Agustin ang mga ritwal sa pagsasaka, pamumuhay kasama ang iba't ibang panIníwala na kalakip na ng pamumuhay sa lugar na kinabibilangan.

Kilala ang Sibuyan sa malawak na kagubatan at matarik na kabundukan, isa ang **dugós** o pulot-pukyutan sa pinakasikat na produktong nagmumula sa bayan dahil sa angkin nitong tamis at banayad na tekstura.

Ang **kayô** (hat) ay isa rin sa mga produktong nililintang sa bayan. Gawa ito sa tinadtad na kawayan bilang porma, nilalang **bulí** (palm) na nagsisilbing **atip** at hInímay na **nitô** bilang **panghulip** o paningit.

Isa ang **kagabká** sa pinakasikat na materyal na tradisyon ng Cajidiocan. Ang kagabkab ay isang uri ng kakanin na manipis na manipis ang pagkaprito at kilala sa sarap at lutong nito. Kasama rin ang paggawa ng walis na gawa sa **idiok**.

Ang Romblon, Romblon naman ang naging sentro ng paglililok ng marmol na siyang naging isang pangunahing pangkabuhayan ng mga nakatira sa lugar. Napapalibutan ng kahabaan ng pier ng Romblon ng mga tindahan ng mga samut-saring desinyo ng piguring marmol at ng mga nag lililok nito. Ang turistang bibili ay maaaring magpersonalize ng kanilang bibilhin sa pagpapaukit ng kanilang pangalan o anumang dedikasyon na kanilang ipapalagay.



Larawan 53. Pagtuturno ng paa ng isang mesa.

Century na klase ng marmol ang pinakamahal dahil konti lang ang deposito nito sa Romblon. Ang produkto na nasa larawan ay nagkakahalaga ng sampung libong piso (PhP 10,000.00) bawat isa.

Ang *Ilauran White* naman na namimina lamang sa Barangay *Ilauran* ay matatawag na class *A* na uri ng marmol na mas mahal sa *Tiger White*. Ang larawan ng *Spanish Gallon* na gawa dito ay may halagang isang libo't limang daang piso (PhP 1,500.00).

Ang pinakamurang uri naman ng marmol ay ang *Tiger White* dahil sa dami ng deposito nito sa probinsiya. Mas maraming produktong marmol ang magagawa mula dito. Ang *Tiger White* ang may pinakamurang bloke ng marmol kumpara sa ibang uri na matatagpuan sa Romblon.

Isa pang uri ng marmol na rare o bihira sa lugar ay ang *Green Onyx*. Tulad ng *Century*, ang *Green Onyx* ay mamimina lamang sa iilang lugar. Ang larawan ng pigurin na *Dragon* ay halimbawa ng isang finished product na *green Onyx* na may halagang apat na libong piso (PhP 4,000.00).

Ang *black marble* naman na tinatawag na *Naguso Black* dahil sa isla ng *Naguso* o isla ng *Alad* sa Romblon, Romblon lamang ito mamimina.

Ang marmol na leon naman sa Larawan 82 ay gawa sa uri ng marmol na *Golden Gray*. Tulad ng *Tiger White*, maraming deposito nito sa halos lahat ng minahan sa buong isla. Halos magkasinghalaga lamang ang *Golden Gray* at *Tiger White*.

Literatura

Bilang bansang multilinggwal, mahirap at nakolonya, isang malaking hamon ang pagbubuo ng pambansang panitikan sa Pilipinas mula sa mga rehiyonal na panitikan, isang sitwasyon na kinahaharap ng Romblon (Perlas, 2011). May mangilan-ngilang pagtatangka na magsulat sa wikang Inì. Isa rito ang nalimbag na aklat ng mga tula ni Hipolito M. Berano (2013). Pinamagatang Hutik ng Tagipusoon (*Whisper of the Heart*), tinatalakay ng aklat ang mga realidad ng isang lipunang Romblomanon, mga obserbasyon, mga iba pang maaaring pagtuunan ng pansin. Binigyang-diin din ng awtor ang kakulangan ng mga pag-aaral sa Inì at panitikang Inì.

Larawan 80. Ito naman ang *Naguso Black*, isang uri ng marmol na namimina sa Romblon.

Para kay Hosillos (2006), mangyayari lamang ito kung bibigyang-tuon ang mga natatanging katangian ng mga panitikan mula sa mga rehiyon ng bansa. Sa pagsusuri ng mga naisantabing panitikang ito, maihahanay ang mga tiyak na katangian ng mga panitikan ng bansa na nararapat na makipagtalaban sa pagpapasigla ng pambansang panitikan. Ito ang paraan upang makalikha ng sariling pananaw at pagpapahalaga ang panitikang pambansa na umiigpaw sa mga pagkakahon na itinakda ng mga nakagawiang kaalaman at pananaw mula sa Kanluran.

Tinatalakay ng aklat ni Scott (1992) ang mga maling pananaw at kamaliang pangkasaysayan upang mabigyang-diin ang pangangailangan sa muling pagbasa ng kasaysayan. Gamit ang dokumentasyon ng mga Español at mga batis ng mga naunang historyador, ipinanukala ni Scott ang bagong pagtingin sa kasaysayang Filipino. Makatutulong ang aklat sa pananaliksik lalo na ang mga kabanatang “Lost Visayan Literature” at “Visayan Religion at the Time of Spanish Advent” sa pag-uugat ng panitikan at kulturang Romblomanon na nakapaloob sa kabihasnang Bisaya. Bahagi ito ng kabihasnang Bisaya dahil sa pagiging dating kabilang sa Probinsiya ng Capiz noong July 15, 1907. Noong 1917 lamang naibalik sa pagiging hiwalay na probinsiya.

Sa larangan naman ng literatura, isa sa sikat na manunulat ng bayan si Nestor Vicente Madali Gonzales na isa sa mga Pambansang Alagad ng SINíng ng Pilipinas noong 1997. Ipinanganak si NVM Gonzales sa Romblon, Romblon subalit lumaki at mas nakatuon ang sulatin sa kanyang karanasan nang lumaki sa Mindoro. Tubong Romblon din ang isa sa mga kilalang

manunulat sa Ingles na si Jose Y. Dalisay, Jr., propesor ng Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas.

1. Alamat ng Romblon

Noong panahon ng mga Español, isang barko ang sinasabing tumigil sa kanlurang bahagi ng isla ng Romblon. Isang Español ang nagtanong tungkol sa pangalan ng lugar. Sa pag-aakalang ang tinutukoy ng Español ay ang manok na naglilimlim o **nagalumlom**, ay sumagot ang katutubong **nagalumyom** o naglilimlim ang manok. Dito nagmula ang tawag na **Lomyom** na kinalauna'y naging Domblon at naging Romblon. Bagaman may isang lugar mismo sa Barangay Sablayan, Romblon, Romblon ang nagngangalang sityo Aglumyom, isa lamang ito sa marami pang teorya sa pinagmulan ng pangalan ng Romblon.

2. Alamat ng *Cresta de Gallo*

Sikat ang Romblon sa magagandang dalampasigan na mapaghalina at nang-aakit ng bakasyunista, lokal man o banyaga. Bilang isang lalawigang kapuluan, maraming mga lugar na angkop paliguan na maipagmamalaki ng mga Romblomanon. Isa na rito ang *Cresta de Gallo* na natampok sa maraming blogging videos ng mga banyaga dahil sa pino at puting buhangin nito. Dinarayo ang isla tuwing bakasyon bagaman may kahirapan ang pagpunta rito.

Upang makarating sa *Cresta de Gallo*, kinakailangang bumiyahe ng pampasaherong jeep mula sa Odiongan, ang sentro ng komersiyo ng lalawigan, o mga pampasaherong van mula sa paliparan ng Tugdan patungong San Agustin. Mula rito, sasakay ng barko patungo sa isla ng Sibuyan sa loob ng tatlong oras para marating ang bayan ng Magdiwang. Dalawang oras pang biyahe mula sa Magdiwang at mararating ang barangay Azagra sa bayan ng San Fernando kung saan maaaring makarenta ng mga bangka patungong *Cresta de Gallo*. Mula kalahati hanggang isang oras ang biyahe patungo rito.

Mula sa panayam sa mga residente ng San Fernando, ito ang buod ng isa sa mga bersiyon ng alamat ng *Cresta de Gallo*.

*“Noong unang panahon, ang lawa ng Lamao ay isa lamang maliit na batis na may napakalinaw na tubig. Isang araw dalawang magkapatid na babae at lalake ang tumawid sa Lamao. Dahil sa linaw ng tubig ay ‘di sinasadyang nakita ng kapatid na lalake ang ilalim ng palda ng kanyang kapatid na babae. Dahil dito, isang malakas na kidlat na may kasamang kulog o **dugsák** ang tumama sa lupa na naging sanhi upang tumilapon ang bahagi ng Lamao na siya namang naging Cresta de Gallo. Ang hugis ng Lamao ay siya ring hugis ng isla. Sa ngayon, isang paalala ang isla ng Cresta de Gallo tungkol sa kinahinatnan ng magkapatid.”*

Musika at Instrumento

Ang natitirang instrumento lamang na kilalang ginagawa sa probinsiya ay ang banjo, kadalasan ito ay gawa sa bao o balat ng **hayô** (*water monitor lizard*).

Isa sa mga umiiral pang pasalitang panitikang **karā'an** o folksongs ng Romblon batay sa mga pangunahin at sekondaryang batis na nakalap sa isang pananaliksik ni Perlas (2011). Nalamang marami pa ring mga umiiral na kantahing bayan sa Iní ngunit hindi pa ito masyadong naibabahagi sa mga nakababatang populasyon ng Romblon.

1. Mga Tradisyonal na Kanta sa Wikang Iní

Malipay nga Pamilya (Masayang Pamilya)

Igwa pamilya malipay kaayo (Mayroong pamilya, sobrang saya nila)

Si nanay, si tatay palangga gid ako. (Si nanay, si tatay mahal talaga nila ako)

Tanan ay masadya, kada isa ay naga-obra (Lahat ay masaya, bawat isa ay gumagawa)

Malipay gid iní nga pamilya. (Masaya talaga itong pamilya)

Iníng amo bayay pulos ning kalipay (Itong aming bahay laging masaya)

Si nanay at si tatay waya gainaway (Si nanay at si tatay hindi nag-aaway)

Ang tanan ay masadya kada isa naga-obra (Ang lahat ay masaya bawat isa ay may ginagawa)

Malipay gid ini nga pamilya. (Masaya talaga itong pamilya)

Buratsoy (Buratsoy)

Mabudlay mabudlay mabudlay (Nakakapagod, nakakapagod, nakakapagod)

Ang tawong nagapangabuhi (Ang taong naghahanapbuhay)

Kung wala'y kahoy kag tubi (Kung walang kahoy at tubig)

Sa lawas ko nga mapauli (Sa katawan ko babalik)

Kung may hagdan nga lang ang langit dugay ko na gid sinaka (Kung may hagdan lang palangit matagal ko na sanang inakyat)

Masugid ako sa Ginoo, asawa ko nga buratsoy (Magsusumbong ako sa Diyos, ang asawa ko ay tamad)

Kung basi ko pa pinabayaan kinasal kami sa simbahan (Kung bakit ko kasi hinayaan na ikasal kami sa simbahan)

Ako nalang ang pag-aantoson (Ako nalang ang magtitiis)

Kay pait nga kapalaran (Kay pait na aking kapalaran)

Dito man sa Amon (Dito sa Amin)

Dito man sa amon (Dito man sa amin)

Sa amon nga bukid may isang punong-kahoy (Sa aming bukid may isang punong-kahoy)

Na ginsugid-sugid (Na hinahanap-hanap)

Dose nga iya sanga (Labindalawa ang kanyang sanga)

Dahon isang panig (dahon sa isang banda)

May Nobya ka Gali (May kasintahan ka pala)

May nobya ka gali (May nobya ka pala)

May nobyo man ako May nobyo man ako)

Bisan sa maitom (Kahit maitim)

Pero mutso boy ito (Pero mayaman ito)

Un-hon mo ang maputi (Anhin mo ang maputi)

Kung pay kasuplado (Kung ito namay suplado)

Kulang sa estilo (Kulang sa estilo)

Hinugugma, Malooy Ka (Mahal ko, Maawa ka)

Esposo ko nga mahal (Asawa ko na mahal)

Na di ko nagid makita (Na hindi ko na makita)

Sa diin nga ara nawala taya nga di makita (Saan ka na kaya nawala at hindi ko na makita)

Ning akon kasakit sa imo ang dahilan (Itong sakit na naramdaman ikaw ang dahilan)
Akong hInígugma imo ginhayaan (Ikaw na mahal ko akoy pinabayaan mo)
Yaring imo panyo, yaring imo ngayan (Ito ang iyong panyo, nakaburda ang iyong pangalan)
Ginapatuluan ko luha, luha nga matin-aw (Pinatuluan ko ng luha, luhang malinaw)
Hinugma, malooy ka. (Mahal ko maawa ka)
Nagatangis nga sa adlaw kag sa gab-I (Umiiyak ako araw at gabi)
Malooy ka, hinugma kong tunay (Maawa ka mahal kong tunay)
Nagahagilid ako sing kalipay. (Naghahanap ako ng kaligayahan)

Walang Titulo (Walang Pamagat)

Nabalian ko siya ning pako (Nabalian ako ng pakpak)
Ginatan-aw ko siya ning kalayo (Tiningnan ko siya mula sa malayo)
Pispis na ginapanglayo ning bayay (Ibon na naliligaw ng bahay)
Kay mabudlay ang nagasalig (Nakakapagod ang magtiwala)
Walay ning bata, walay ning tigulang (Walang anak, walang magulang)
Walay ning maniwang, walay ning matambok (Walang payat, walang mataba)
Walay nga hari, walay nga pangit (Walang hari, walang pangit)
Ang pag lingkod ay walay pinili (Ang paglilingkod ay walang pinipili)

Akon pagbanta daw ginalimot mo na (Aking pag-ibig parang nilimot mo na)
Dugay nga adlaw waya ka pangita (Matagal na tayong hindi nagkikita)
May isa nga pispis nagalungkot siya (May isang ibon na nalulungkot)
May nobya ka gali sa iba nga banwa (May nobya ka pala sa ibang bayan (ulitin tatlong beses)
Ginglimot mo ako ning lubos kaayo (Nilimot mo ako ng lubusan)
Pero bantayan mo sa ulihi nga tyempo (Ngunit bantayan mo sa bandang huli)

Magkanobya ka man pero disgrasyado (Magkanobya ka man pero disgrasyado)

Ang ginaobra mo di bagay sa kasing-kasing (Ang ginagawa mo ay hindi bagay sa puso)

Magabuyag kita sing dayon (Maghihiwalay tayo agad)

Ang sa imo ay malain (Iyang sa iyo ay masama)

Magaano ako sa imo, ginakanan ko wayay gusto (Anong gagawin ko sayo, magulang ko'y ayaw sayo)

Ang aton ginahumanon, tunga kita sa sakiton (Ang ating ginagawa hati tayo sa sakit)

Ay kung sa kagustuhan, (At kung sa nagustuhan, magulang ay kasama)

giníkanan ang kauturan

Ngay-ong kitay kasakit, madadamay silang tanan (Ngayong tayo'y wala na, madadamay silang lahat)

Mga Dalaga (Mga Dalaga)

Ang mga dalaga pareho nila subong sa espiho (Ang mga dalaga ngayon pareho sila puro nasa harap ng salamin)

Na kung maunahan mabudlay kaayo (Na kaung maunahan ay nakakapagod)

Nakita ko siníng-gitan ang mga pulong sa mga sultero (Nakita ko na sinigawan nila ang grupo ng mga binate)

May adlaw nga ingles lang buhat ginapansin nimo (May araw na English lang kung pinapansin mo)

Mapili ang luho, (Mapili at maluho)

Mapili ang tanan nga aton (Mapili silang lahat)

Mga ginakanan, na hirap mga alagaan (Mga magulang, hirap nilang alagaan)

Sobra pa sa itlog ang iya pagdahan (Sobra pa sa itlog at pagdahan sa kanila)

Alangang magdako, mapahamak lang ay anong kalisoran ng imong mga maguyang. (Inalagaan hanggang lumaki, kung mapahamak at kalungkutan ng magulang)

Hele (Hele)

Ele ele tuyog anay waya diri imong nanay (Ele, ele, tulog muna wala dito ang iyong nanay)

Yadto banwa bakay apay (Andon sa bayan bumibili ng tinapay)

Ele ele, tuyog anay. (Ele, ele tulog muna)

Tabi sa ning balay, ako maghilo (Sa tabi ng bahay, ako ay pupunta)

Damong ga kadto, akon nga pukawon (Madaming pumunta, aking gigisingin)

Paghinay pagbati (Pagmahina, gigising)

Paghinay pagbangon (Pagmahina, babangon)

Basi man mangayag, maliban sa hapon (Baka magulat, maliban kung hapon)

di ako magpati sa manggaranon (Hindi ako maniniwala sa isang mayaman)

Kung ikaw ay nagakatuyog kulang sa debosyon (Kung ikaw ay natutulog na kulang sa debosyon)

Ginatintar ka lang ng mga temptasyon (Tinukso ka lang ng tukso)

Walang Titulo (Walang Pamagat)

Kanin-o ini bayay ang ginasamputan (Kaninong bahay itong aking pinuntahan)

Sug-i inng mga iwag (Sindiha itong mga ilaw)

Ilisi ning pabilo (Palitan ng mitsa)

Adtong makita ang imong estilo (Upang makita ang iyong estilo)

Natuyog na gali si palangga nakon (Natutulog na pala ang mahal ko)

Sa katre nga higaan sinda gahim-ong (Sa katreng higaan sila nagpapahinga)

Pag hinay pagbati (Dahan lang ang paggising)

Kag paghinay pagbangon basi ang pangayag maliban sa akon. (Dahan ang pagbangon baka magulat maliban sa akin.)

Arkitektura

Ang pag-uukit ay isa sa pangunahing likhang-kamay na tradisyon sa mga produktong marmol. Naroon ang pagkilala at pagpapangalan sa iba't ibang uri ng nito na naayon sa kulay at kalidad ng marmol. Maraming mga souvenir ang nagawa la sa bato, katulad ng key chain, mesa, upuan, mortar and pestle, lapida, tiles, istatwa at marami pang iba. Naroon rin ang pagbo-blokete ng marmol, bilang paghahanda sa pagde-disenyo at pag-uukit.

Maraming disenyo ng mga tulay sa bayan ay halintulad sa mga katutubong disenyo ng mga Español sa isla ng Sibuyan at maging sa Romblon, Romblon.

VIII. RELIHIYON

Katulad ng maraming bayan sa Pilipinas, Katolisismo ang sinusunod ng karamihang mga mamamayan ng bayan ng San Agustin. Mula sa mga pagdiriwang, mga santo at pangkaraniwang gawain. Iba't-ibang kinatatayuan at disenyong mga simbahan, katulad ng 300 hakbang na hagdan patungo sa mismong kinaroronan ng bahay-sambahan. Mayroon ding *Seventh Day Adventist* at mga protestante katulad ng *Foursquare Gospel Church*, *Assembly of God*, *Gospel Light Baptist Church* at iba pa. Sa malayong barangay ng Cawayan, naroon ang isa sa simbahang pang-komunidad, ang simbahan ng *Church of the latter Day Saints (Mormons)*, kung saan pinangungunahan ng Supremo.

Layunin ng pag-aaral ni Ramos (2010) na itanghal ang pangkat-etnolingguwistikong Romblomanon bilang lahing Filipino batay sa matalik na pagbasa sa mga nakolektang nabubuhay pang relihiyosong panitikan sa lalawigan. Nangalap ang mananaliksik ng 30 panitikang pasalita mula sa wikang Iní at sa pagsusuri ng mga ito pinapatunayan na ang Romblon bilang imahinasyon ay larawan ng Filipino na may biyaya ng mga mamamayang sumasampalataya sa Diyos at nakikisangkot sa pagtugon sa mga problemang panlipunan. Ang pag-aaral na ito ay isa sa mga



Larawan 54. Biniray sa Fiesta ng Sto Nino sa Romblon, Romblon (Larawan ni Trekking Jay)

batayan ng isasagawang pananaliksik tungkol sa mga naunang dokumentasyon sa sinaunang panitikan at kultura ng Romblon sa aspektong panrelihiyon.

Sa papel naman ni Esquejo (2018) tinalakay nito ang *religious diversity* ng Romblomanon bilang kabilang sa grupo ng Visayan. Aniya, dalawang paraan ang magagamit sa pagpapatunay nito. Una ang pagpangalan sa ilang bayan sa santo at pangalawa, ang dami ng mga *Religious figures* na tubong Romblon. Sa mga bayan na nagsasalita ng wikang Iní, ang mga sumunod ang ipinangalan sa kanilang mga santong patron: San Agustin (dating Guintigui-an at Badajoz) at San Fernando (dating Azagra). Ang ibang bayan naman sa Romblon na hindi sakop sa wikang Iní ay ang sumusunod: San Andres (dating Parpagoha, Salado at Despujol), Sta. Fe (dating Catolog) at Sta. Maria (dating Imelda).

Pagpapatuloy pa ni Esquejo, sa panahon ng *pre-colonial* na estado ng relihiyon sa



Larawan 55. Ati-atihan *Festival* sa Pagdiriwang ng *Fiesta* ng Sto Nino. (Larawan ni Trekking Jay)

Romblon, and Ati bilang *aborigines* ng isla ay may sariling panIníwala sa mga *unseen spirits* at kalimitang gumagamit ng mga kuweba upang ihimlay ang kanilang mga yumao bilang patunay sa paniniwala at konsepto ng mga ito sa kabilang buhay. Naitala din ang mga Mangyan bilang naunang nanirahan sa isla. Noong 1881, sa panahon ni Jose Fernandez de Teran, isang *military commander*, naiwasan ng mga Mangyan at Ati ang ginawang conversion sa pag-migrate ng mga

ito sa mga karatig-isla gaya ng Mindoro. Ngunit karamihan sa mga nitibo ng isla ay tinanggap ang pananampalatayang Kristiyano sa pangangaral ng mga *Augustinian Recollects*. Ang unang tangka ay ginawa ni de Goiti at Legazpi samantalang si Loarca noong 1582 naman ang nagpakilala sa Romblomanon sa Sto Nino at nagpalalim sa debosyon at paniniwala dito. Hanggang ngayon ang bayan ng Romblon, Romblon ay nagdiriwang taon taon ng *fiesta* ng Sto. Nino.

Lalong lumalim ang pananampalataya ng mga Romblomanon sa ilalim ng pamamahala ni “El Padre Capitan.” Noong 1644, talamak ang pag-aatake ng mga Moro sa mga dalampasigan ng Romblon at sakto naman na ang nakatalagang bagong pare ay ang sikat na si Fr. Agustin de San Pedro na binansagang “El Padre Capitan” dahil sa galing nito sa *military tactics*. Pinasinayaan niya ang pagtatayo ng mga baluarte na magsisilbing tanggulan ng mga bayan sa pagsalakay ng mga piratang Moro. Kabilang sa naitayo nito ang Fort San Andres at Fort Santiago, pareho sa pueblo ng Romblon. May mga naitayo ding Baluarte sa Banton, San Agustin at Odiongan.

Sa kasalukuyan, ang buong Romblon ay makikitaan ng mayamang religious diversity. Bukod kasi sa Roman Catholics, Aglipayans at Baptists, ayong kay Esquejo (2018), mayroon pang mga sumusunod na grupo ng relihiyon: Foursquare, Assemblies of God, Jehovah’s Witnesses, 4th Watchers, Iglesia ni Cristo, Mormon, Jesus is Lord Church, at iba pang Born Again at Pentecostal na grupo. Ngunit sa kabila ng *religious diversity* na ito ang mga isla ng Romblon, isla ng Sibuyan at San Agustin sa isla ng Tablas ay nanatili na isang *predominantly* na Roman Catholic.

Mga Paniniwalang Mahika at Gawi

May iilang naniniwala pa rin sa **amulit** (barang), **usóg** at **gabá** (karma) kaya’t laganap pa rin ang bilang ng mga albularyo sa mga liblib na lugar. Laganap pa rin ang ganitong mga paniniwala sa Romblon: halimbawa ang lugar ng Cayatong o Kalatong sa timog ng Tablas na patunay na hindi nabura ng Katolisismo ang pag-iral ng sinaunang paniniwala ng mga Romblomanon.

1. Pamahiin, Kilkig, Amulet at iba pa

Ang pangkukulam ay hindi laganap sa pamamagitan ng manika o voodoo bagkus ay idinadaan sa lason sa pagkain o kaya’y inumin. Tawag dito sa San Agustin ay **Kilkig**. Ang **kilkig** ay isang uri na lason na may epekto ng pagsakit ng tiyan, hindi maipaliwanag na pagpayat at pagkawala ng ganang kumain. Haka haka ng mga nasabihan umano na ang ibang posibleng sangkap ng kilig ay dinurog na bote ng isang fluorescent lamp, kInískis na buto ng isang patay na tao, isang sekretong dasal at iba pa. Ayon sa matatanda ito ay naipapakalat sa paglipat gamit ang laway, pagsipit sa kuko o kaya’y ay literal na paghalo sa pagluluto at simpleng paghahanda.

Kilala naman ang bayan ng Sibuyan sa sinasabing **amulet**. Kalimitang paksa ng pagpapatawa o pananakot ay ang pagsasabi na gagawan ang kausap ng amulet. Halimbawa ay ang

pagpapatae dito ng mga pako, o pagpapalabas sa katawan at sa lahat ng butas sa katawan o pagpapasuka sa biktima ng sari-saring uri ng mga nakakadiring insekto.

2. Pamahiin

2.1.Paghuhungód (Pag-aalay)

Sagana ang pamayanang Pilipino sa mga pamahiing nagdidikta ng mga gawi at kilos ng pamilya at ng lipunan. Maraming mga pagkakataong natitigil ang isang sanga ng mga aksiyon dahil may kailangan munang isagawa bago tumuloy sa nais gawin. Dahil dito, nakasentro ang mga Pilipino sa mga dapat at hindi dapat gawin nang hindi abutin ng malas. Sa barangay ng Cabolutan sa bayan ng San Agustin, mayroong pamahiin sa **paghuhungód** para magkaroon ng masaganang ani.

Talahanayan 26. Mga terminolohiyang Iní na may kinalaman sa paghungód o pag-aalay

Termino	Kahulugan
Bagákay	Uri ng maliit na kawayan na ginagamit sa paghungod o pag-aalay. Kawayan na manipis. Ginagamit upang maraming suhi o saha at gayahin ng palay.
Hungód	Kompletong sangkap ng alay tulad ng bagakay, bonga at dahon ng pitogo, katilog, tabako at asukal
Katílog	Uri ng punongkahoy na ginagamit rin bilang hungod o alay. Maraming bunga (maging sa trunk); mahaba ang bunga
Paghungód	Pag-aalay ng mga punong alay tulad ng bagakay o pitogo upang magkaroon ng masaganang ani (umagang-umaga pagsikat ng araw itinatanim bago ang aktwal na pagtatanim ng palay
Pitógo	uri ng palma “palm tree” na isa sa mga sangkap sa paghungod o pag-aalay. Maraming dahon na dikit-dikit at bilog ang bunga.
Úngay Espanyol	Punongkahoy na may mapula at malapad na dahong ginagamit rin sa paghungod

Ginagawa ang **paghungod** sa unang pitong tanim. Ang pitogo na isang uri ng palma “palm tree” na isa sa mga sangkap sa **paghungod** o pag-aalay ay may maraming dahon na dikit-dikit at bilog ang bunga. Ginagamit ito upang ang tanim ay magaya ang kanyang karakteristik at magkaroon din ng maraming dahon.

Ang **bagakay** naman na isang uri ng maliit na kawayan na ginagamit sa paghungod o pag-aalay. Kawayan na manipis. Ginagamit upang maraming suhi o saha at gayahin ng palay. Samantala ang **katilog** naman na isang uri ng punongkahoy na ginagamit rin bilang hungod o alay ay maraming bunga (maging sa trunk) at mahaba. Kaya ang paghungod sa **katilog** ay nakakasiguro

ng mas maraming bunga. Ang **ungay espanyol** naman na isang punong kahoy na mapula ay inuuna na tinatamin (1 foot ang haba) pagsikat ng araw bago ang ang aktwal na pagtatanim ng palay.

Talahanayan 27. Mga paghungod para sa mga tanóm o tanim

Uri ng Tanim	Uri ng Hungod
Pálay	Bagákay, katílog, tanglád
Kamóte	Asúkal
Tabáko	Úngay Espanyol

Binabanggit sa talahanayan ang mga **hungod** o alay na nararapat gamitin sa mga iba't ibang uri ng tanim. Mapapansing sa palay ay mayroong tatlong uri ng maaaring gamiting **hungod** habang asukal naman sa kamote ang ginagamit at ungay Espanyol naman sa tabako.

2.2. Proseso ng Paghungod

Bago ang aktuwal na pagtatanim, nararapat na **maghungod** muna o mag-alay para magkaroon ng masaganang ani. May mga karampatang **hungod** para sa mga punla at halamang itatanim. Ilan sa mga ito ay **bagakay, katilog, tanglad, asukal**, at **ungay Espanyol**.

IX. SIKLO NG BUHAY O SIKLO NG KABUHÌ

Panamkon o Paglililihi at Pag-ungâ o Panganganak

Marami ang nanIníwala sa konsepto ng **panamkon** o paglililihi, nariyan't maingat ang mag-asawa sa pag-aalaga sa ipinagbubuntis ng babae. Mula sa pagkain, sa nakasanayang gawain tulad ng pagtatahi at/o paghahabi.

Napakahalaga ang pagbubuntis kaya buong pamilya ay kasali sa pag-aalaga sa nagbubuntis. Mahigpit na sinusunod ang klase ng pagkain na mabuti sa isang nagdadalang-tao. Kalimitang inihahanda ang mga may sabaw na ulam gaya ng tinolang manok, **inaslóm**, sinabawang isda na may dahon ng malunggay. Sa **pagpanamkon** naman, malimit ang hinihingi ay maasim na prutas katulad ng indian mango na marami sa lugar.

Pagkabata o Pagka-ungâ

Payak lamang ang pamumuhay sa bayan katulad ng maraming buhay sa buong bansa. Dahil sa ganap na ring sibilisado ang bayan, tumatakbo ang pang-araw araw na pamumuhay bilang isang normal na pamayanang Pilipino –mga bata ay nag-aaral, mga magulang na namumuhay bilang drayber, tindera at/o alagad ng gobyerno.

Pagbibinata o Pagkasoltero /Pagdadalaga

Ang **pagpanupang** (pagbibinata/pagdadalaga) ng bata ay konsepto naman na tumutukoy sa unti-unting pagtanggap sa bagong antas ng gawain tungo sa pagkagulang ng kaisipan. Ang pagtutuli o **paltàk** sa mga kabataang lalaki ay laganap para sa pagbibinata.

Ang **pagpanupang** na siyang esensyal sa pagkilala sa makabagong mukha ng kabataan sa iba't ibang responsibilidad. Uso rin ang **pamalayè** (pamamanhikan) o ang pagkakasundo ng mga magulang patungkol sa magkasintahang mga anak sa desisyong pag-aasawa.

Katandaan o Kaguyangan

Kadalasan sa mga matatanda ang nagtatrabaho lamang sa bahay —**paglala**, pakain ng alagang hayop, paggawa ng buslo at iba pang magagaan na gawain. Ang mga nakatatandang walang pamilya ay binubuhay din ang sarili sa pamamagitan ng patuloy na pagtatrabaho. Kasama sa bahay bilang extended na pamilya ang mga lolo at lola na nabubuhay pa. iginagalang ang mga nakakatandang miyembro ng komunidad.

Morbidity/Mortality o Pagkamuy-ok

Ang mga bilang ng araw, pamahiin at proseso ng paglibing. Laganap ang iisang-daan (one-way) na paghahatid sa bangkay tungo sa huling hantungan at maging ang paggunita sa ika-40 na araw.

Sa pagkamatay maraming matatanda ang nanIníwala sa katutubong konsepto ng pagbabantay sa patay. Nariyan rin ang pagbabawal sa iilang bagay tulad ng pagpipitas ng halaman, pagkatay ng manok, pagwawalis, paliligo, paglalaba hanggang sa ikatlong araw at pagsusuot ng pulang damit.

X. PARTISIPASYON SA PAMBANSANG KULTURA

Edukasyon

Binubuo ang Cajidiocan ng labing-apat na paaaralang primarya, isa sa bawat barangay, apat na paaralang sekondarya – Lumbang East National High School, Danao National High School, Cambalo National High School at Cajidiocan National High School, at isang paaralang pangkolehiyo – Romblon State University-Cajidiocan Campus.

Binubuo naman ang Magdiwang ng siyam na paaaralang primarya, isa sa bawat barangay, dalawang paaralang sekondarya – Agutay National High School, at Magdiwang National High School. Walang paaralang pangkolehiyo sa bayan.

Samantala, binubuo ang Romblon ng tatlumpu't isang paaaralang primarya, isa sa bawat barangay, apat na paaralang sekondarya – Romblon National High School, Macario Molina National High School, Alad National High School at Agnipa National High School, at isang paaralang pangkolehiyo – Romblon State University-Sawang Campus.

Samantala, makikita rin sa bayan ang Monfort Academy – isang pribadong paaralang nakatuon sa gawaing teknikal. Ang mga nakaririrwasa ay nakapagpapadala ng mga anak upang mag-aral sa Odiongan, ang sentro ng komersiyo ng lalawigan, o sa Maynila.

Binubuo ang San Agustin ng labinlimang paaaralang primarya, isa sa bawat barangay, anim na paaralang sekondarya – Esteban Madrona National High School (Bachawan), Eduardo Moreno National High School (Binonga-an), at Cabolutan National High School, Carmen National High School, San Agustin National High School, San Agustin National Trade School, at isang paaralang pangkolehiyo – Romblon State University-Cabolutan Campus. Mayroon ding dalawang pribadong eskwelahang pansekondarya, ang Tablas Academy at Holy Rosary Academy.

Dahil sa maayos na edukasyon, natututo ang mga kabataan ng iba pang wika katulad ng Filipino at English. Liban dito, natututo rin ng Asi ang mga kabataang lumuluwas sa Odiongan. Kilalà rin ang Odiongan bilang lunsaran ng iba pang mga wika sa Romblon dahil karamihan ng mga kabataan ay dito nag-aaral ng kolehiyo. Ang pagkatuto ng mga bata ng ibang wika ay hindi naman naging hadlang sa pagkalimot ng sariling wika – ang wikang **Iní**. Ang wikang **Iní** pa rin ang gamit ng mga kabataan sa paglalaro, sa bahay at pampublikong lugar. Walang bahid ng pagkahiya ang paggamit ng sariling wika.

Kalusugan

Itinatag ang Sibuyan District Hospital noong 1958 sa bisa ng RA 2400. Mayroon ding mga Rural Health Unit at Barangay Nutrition Workers (BNW) na nagbabahay-bahay para labanan ang malnutrisyon.

Mayroon ding mga Rural Health Unit at Barangay Nutrition Workers (BNW) na nagbabahay-bahay para labanan ang malnutrisyon sa bawat barangay. Samantala, makikita sa bayan ang Tablas Island District Hospital at apat na barangay health stations.

Ang Romblon ay may isang pampublikong ospital na makikita sa sentro ng bayan: Romblon District Hospital. May mg

Bukod dito naniniwala din ang mga mamamayan sa alternatibong panggagamot. Bukod sa pagpunta sa doktor, gumagamit at naniniwala din sa mga herbal na medisina. May mga pagkakataon ding pumunta sa albularyo, magtatawas at sa iba pang manggagamot.

Tanyag pa rin sa mga bayang sakop ng Iní ang pagtalima sa mga tradisyunal na konsepto ng kalusugan. Maraming mga kuwento pa rin tungkol sa mga amulet (o kulam) sa Sibuyan ang pinaniniwalaan ng nakararami.

Transportasyon at Komunikasyon

Nauugnay ang Cajidiocan sa iba pang bayan sa isla ni Sibuyan sa pamamagitan ng Sibuyan Circumferential Road. Kadalasang sinasakyan dito ay motorsiklo (single o habal-habal), jeepney, traysikel, at maliliit na trak.

Upang marating ang Cajidiocan, maaaring sumakay mula San Agustin, Romblon patungong Ambulong Port sa Magdiwang sakay ng M/V Querubin Montenegro Lines o M/V Starhorse patungong Lumbang Port sa Cajidiocan. Araw-araw ang byahe ng Querubin habang Lunes, Miyerkules, at Biyernes naman ang Starhorse.

Ilan sa mga linya ng komunikasyon ay telepono ng Philippine Long Distance Company, Smart Communications, at Globe Telecom. Habang lumalayo sa bayan ay humihina rin ang sagap ng signal at nawawala sa mga magubat na bahagi.

Bilang isang bayang isla, Romblon, ang tanging transportasyon patungo rito ay sa pamamagitan ng mga barko at maliliit na bangka. Maaaring sumakay mula sa San Agustin, Isla ng Tablas sa pamamagitan ng M/V Querubin ng Montenegro Lines, MV Starhorse o ibang maliliit na bangka. Karaniwang oras ng byahe ay 5:00, 8:00, at 11:00 ng umaga habang 1:00 naman sa hapon.

Mula sa isla ng Sibuyan, maaaring sumakay ng M/V Querubin o MV Starhorse na umaalis ng 9:30 ng umaga sa Sibuyan. Maaari ring sumakay ng 2Go Travels mula sa Pier 4, Maynila at dumadaan sa Romblon, Romblon bago tumungo ng Cebu. Isang beses isang linggo ang biyahe ng 2Go.

Bukod sa mga malalaking barko, sanay din ang mga mamamayan sa paggamit ng mga maliliit na Bangka katulad ng **liplíp** at ng mga de-mákináng bangka. Ang **liplíp** ay isang maliit na bangkang may layag at kayang kumarga ng nasa dalawang tao at ang may makina naman at tatlo hanggang sa limang pasahero.

Samantala, dahil ang kalakhang komunidad sa San Agustin ay linear, ang kalahati ng bayan ay malawak na mabundok na bahagi. Kasalukuyang ginagawa ang ilang bypass road patungo sa San Agustin na di na dadaan sa Salingsing Road mula Calatrava. Ilan sa mga ito ay ang Mari-Sur – Binonga-an Road mula sa San Andres, at Boliganay – Bachawan Road na mula sa Panique, Odiongan, Romblon patungong pinakadulong barangay ng San Agustin.

Mayroon din ang mga bayan ng cellphone signals ng SMART at GLOBE. Ang lakas ng signal ay nakadepende sa layo ng barangay sa bayan. Lahat ng bayan ay may 4G na signal at humihina habang papalayo ang barangay sa bayan.

Politika

Binubuo ang Cajidiocan ng 11,533 rehistradong botante at binubuo ang Magdiwang ng 8,566 rehistradong botante noong nakaraang eleksiyon 2016, binubuo ang San Fernando ng 15,546 rehistradong botante.

Binubuo ang Romblon ng 21,859 rehistradong botante. Parehas na mula sa Partido Liberal ang Gobernador at Bise-Gobernador. Sa kabilang banda, binubuo ang San Agustin ng 13,292 rehistradong botante. Kabilang din sa unang distrito ng Romblon ang lahat ng limang bayang Iní.

